


# ANG PALAGIANG-NARIYAN NA TUBIG MULA SA BATO

 Lubos ang pasasalamat natin sa umagang ito para sa Presensya ng Panginoong Diyos, sa pagpapasimula ng pang-umagang mga gawain sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng isang mensahe, na—na tayo’y marapat lang na “making, at magpitagan” sa harap Niya, dahil may bagay Siya na sasabihin sa atin. Sigurado ako na gagawin Niya ang bagay na ipinangako Niya. Lagi Niyang tinutupad ang Kanyang Salita. At kaya lubos-lubos ang pasasalamat natin na nagkapagtipun-tipon tayo nang sama-sama, buhay, at nandito sa panig na ito ng Walang Hanggan sa umagang ito, at nakasasamba sa Panginoon muli, at nakakapagtipon nang sama-sama at nakakapakinig mula sa Kanya. Yan ang mga dahilan kung bakit dumako tayo rito na nagsama-sama, ay para sa mismong layunin na ’yan.

<sup>2</sup> Ngayon, medyo napasugod ako kay Kapatid na Neville, nang biglaan, ngayong araw, dahil sa isang naturang panaginip na nagkaroon ako. Haya’t . . . naniniwala ako . . . ako . . . sa mga panaginip. Naniniwala ako na ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa mga tao sa pamamagitan ng mga panaginip. At nagkaroon po ako ng di-pangkaraniwang panaginip, nung isa pang gabi. Na, pumupunta raw ako sa isang gilid ng burol, sa isa raw gilid ng burol, papunta sa isang kainan kung saan ako—ako kakain. At napansin ko, habang papalapit ako, nagpapatugtog sila roon, may orkestra na tumutugtog, gamit ang mga biyolin, at inaaliw ang mga tao habang kumakain ang mga tao. At may kung anong bagay dun na hindi ko gusto, kaya nilampasan ko lang. At may nakatagpo ako habang paakyat dun sa burol. At tumingin ako, at maraming tao ang umaakyat sa burol papunta sa lugar na ito na kainan. Pero para pong lumayo ako sa kanila, lumiko ako sa kanan, o, sa kaliwa.

<sup>3</sup> At mangyari po, na sa ibaba nung lambak, may natatanaw akong tabernakulo. Naulinigan ko ang boses ng isang tao, sabi, “Katagpuin mo si Kapatid na Branham sa ganito-at-ganoong tawiran. Pababa siya ng burol sa dako roon. At sabihin mo sa kanya ang ganito-at-ganoong bagay.” At nagmadali po akong pumunta sa tawiran na ito.

<sup>4</sup> At nung makarating dun ang tao, si Kapatid na Neville pala ’yun na nakasuot ng kulay-tsokolateng amerikana, ganyan na ganyan po ang itsura sa pagkakaupo niya riyan ngayong umagang ito. At sabi raw niya, “Kapatid na Branham, kung pupunta ka sa bayan,” sabi, “mabuti kung—kung makakababa

ka, dahil si Kapatid na Hank . . .” Ngayon, ang nag-iisang kilala ko, na Kapatid na Hank, ay si Kapatid na Henry Carlson, ang tawag namin sa kanya ay Hank. Sabi, “Baka isipin niya na parang nakakapanibago na hindi ka bumibisita sa tabernakulo nang madalas gayong napapagawi ka naman sa bayan, o sa palibot lang ng siyudad nang ilang araw.” Nagising ako.

<sup>5</sup> At, doon po’y, parang iba’yung pakiramdam ko. Wala akong balak noon na pumunta na lang basta-basta nung sanlinggong’yun, hanggang sa matanong ko kay Kapatid na Neville kung mayroon ba siyang espesyal na inihanda para sa umagang ito, para sa iglesya. Mangyari po na napakabait niya, palagi, ang sabi, “Pumunta ka.” Kaya, pumunta lang kami. Tinawagan ko siya kahapon nang hapon na pagabi na, at nagpunta ako rito ngayong umaga, na hindi nga po inaasahan ng sinuman sa atin dito.

<sup>6</sup> Ngayon naniniwala ako na mabuting bagay, unang-una, kung akin pong parang—parang ipapaliwanag sa inyo ang ilang mga bagay. Ako po, sa palagay ko, ay kakaiba masyado sa tingin ng maraming tao. At ako man ay medyo kakaiba maski sa sarili ko, rin. Dahil, sinisikap ko na sumunod sa pangunguna ng Espiritu Santo, sa abot ng makakaya ko na sumunod talaga. At’yun ang nagpapaging kakaiba sa atin, kita n’yo. Gumagawa tayo ng mga bagay na uupuan natin—na uupuan natin’yun nang maigi’t magbubulay, “Bakit ko nagawa ang bagay na’yun? Papaanong nagawa ko ang isang bagay na’yun?” At sa punto na’yun marahil maisip n’yo na nakagawa kayo mismo ng isang bagay na hindi n’yo dapat ginawa. Pero kung kayo’y magtitiyaga, at mananampalataya, at may katiyakan kayo na pinangunahan kayo ng Diyos na gawin’yun, malalaman n’yo na gumagana’yun nang saktong-sakto mismo. Kita n’yo? At maraming beses na dumarating tayo sa ganyan. At alam ko na si Kapatid na Neville ay dumarating diyan, nang maraming beses na. At ang mga tagapanguna’t mga espirituwal na tao’y napagtatanto’y an.

<sup>7</sup> Medyo matagal-tagal na rin sa buhay ko na . . . Sa totoo lang po, mula nung batang paslit pa lang ako, hindi ko naramdaman’yung mismong pangunguna na nagsasabing dito ako dapat sa—sa Jeffersonville maninirahan. Kumbaga’y para’yung langaw sa isang pamahid, para sa akin na susubukan kong manirahan dito. Unang-una po, ’yung klima rito’y grabe pong hindi ako hiyang. Isa pang bagay, may para po bang pananamlay ng espiritu.

<sup>8</sup> Kung babalikan n’yo at hahanapin n’yo kung saan dito, kung hindi’yun nasira noong bumaha, may liham po na pumapatungkol dun, na mayroon ako, unang tawag sa akin sa pagmi-ministeryo, na unang paghayo ko. At si Kapatid na George DeArk at ako . . .

<sup>9</sup> At ang nanay po ni Kapatid na Graham Snelling, sina Kapatid na Hawkins na may negosyo ng gasolinahan sa New Albany, at marami pang iba, kinatagpo nila ako sa labas sa isang munting dako ng pagtitipon para sa pananalangin dito. At nabanggit din nila, na kung mananatili ako, titipirin nila ang kanilang mga anak sa hapag, para—para maitayo lang ang tabernakulo, para hindi na sila magdaos ng gawain mula sa isang lugar papunta sa isa na naman.

<sup>10</sup> Noong marinig ko ang munting nanay na 'yun, na may anak na nakahawak sa kanyang kamay at 'yung isa pa'y karga niya sa kanyang bisig, na ang sabi'y payag siya na tipirin ang kanyang mga anak sa hapag, para lang maitayo ang isang dako na ito kung saan sila makakapamalagi't makasasamba, medyo sobra-sobra nga 'yun para matiis ko. Kaya si Kapatid na George at ako'y nagtulong at napagpasyahan namin na manatili kami't itayo ang tabernakulo.

<sup>11</sup> At nung maitayo na ang tabernakulo, mukha ngang sa tuwina . . . Noong umaga na 'yun nung ialay ko ang tabernakulo, may pangitain na dumating, na isinulat sa panulukang bato roon, noon ngang sabihin sa akin ng Espiritu Santo, "Hindi ito ang tabernakulo mo." Kita n'yo? At kaya tinanong ko kung saan ang tabernakulo ko, at iniupo Niya ako sa ilalim ng maliwanag na bughaw na kalangitan. At pagkatapos ang sabi Niya, "Gawin mo ang gawa ng isang ebanghelista," at parang ganoon po, gaya ng nalalaman n'yo. Nakasulat nga 'yun maging sa mga libro.

<sup>12</sup> Lahat ng 'yun ay nagsimulang mabuo. At isang araw noong nagtatabas ako ng damo sa bakuran doon sa kung saan nakatira na ngayon si Kapatid na Wood, at mangyaring ang biyenan kong babae ang nakatira noon dun; ako po'y nakaupo noon sa isang baitang, isang munti't lumang sementong baitang, na itinayo ko ang munting dako na ito para sa aking biyenan na babae. At siya po 'yung parang katiwala't tagalinis ng simbahan noong mga panahon na 'yun, siya ang nag-aasikaso. At kung gaano mismong kalinaw na ang isa'y nakakapagsalita, isang Tinig ang nagsalita sa akin, ang sabi, "Hindi Kita mapagpapala hangga't nananatili ka rito. Kinakailangan mong ihiwalay ang sarili mo mula sa mga kakilala mo at sa lugar na ito." Buweno, ako, para ngang mabibiyak ang kalooban ko noon, nang halos mag-iisang linggo o higit pa.

<sup>13</sup> Lagi 'yun, sa tuwi-tuwina mismo, may Bagay na nagbababala sa akin, "Umalis ka, umalis ka. Kumilos ka pakanluran. Tumungo ka nang tumungo pakanluran." Buweno, ako . . . Lagi akong nililigalig nun. At mukha ngang sa tuwina . . .

<sup>14</sup> Ngayon, pinagpasyahan ko nang buo sa isip ko na sa sanlinggong ito ay lilipad ako papuntang Tucson, kung saan magrerenta ako ng isang lugar dun, para doon mamalagi ngayong paparating na taglamig; pai-eskuwelahin ang mga bata,

simula Setyembre. May lugar na po ako. May lugar na po mismo na ibinigay sa akin doon. Pero may bagay nga na . . . At—at sa tuwing ako’y umaalis . . .

<sup>15</sup> May isa pa po palang bagay na gusto kong sabihin. Bago namin itayo ang bagay na ito rito, itong bahay-panuluyan para sa pastor, dito sa kung saan ito nakatayo ngayon, hindi ko nga gustong itayo ito noon. Ang nanay po ng asawa ko’y matanda na. At iniyakan pa nga niya ito noon, sabi niya, “hindi ko kayang iwanan si nanay dito, lalo na’t alam kong tumatanda na siya, at baka walang mag-asikaso sa kanya.” Buweno, naunawaan ko ’yun. Naunawaan ko. Nanay niya po ito, at ang nag-iisa mismong nanay na nagkaroon siya, o magkakaroon man kahit kailan. Kaya, nauunawan ko. Kaya ako’y—ako’y nanalangin sa Panginoon, sabi ko, “Panginoon, yamang hindi ko gusto ang lugar,” sabi ko, “ako po’y palugurin Mo. Pupunta ako saanman Mo gusto akong pumunta, mula sa kung saan man ito. Pero ayaw ko lang pong palumbayin nang husto ang asawa ko, na ilalayo ko siya mula sa lugar na ito, pupunta sa isang nakakapanibagong lugar na wala siyang kakilala maski sino. At tapos mawawala po ako sa tuwina, siyanga. Iyo lamang pong palugurin ako na makasama siya rito.”

<sup>16</sup> At ngayon, noong kunin na ang kanyang nanay, at siya po’y yumao na patungo sa Kaluwalhatian, tapos heto uli ’yung pag-uudyok na ’yun, kita n’yo, na ngayon nga’y pinapalipat na ako. Hindi ko alam ang gagawin.

<sup>17</sup> At pagkatapos noong isang araw nung may doktrina na pinasimunuan ng isang kapatid, tumayo ako rito sa pulpito noong huling beses na narito ako sa inyo at binanggit ko ’yun sa inyo na hindi ako dadako sa pagmimisyon sa labas habang mayroon nun. Kaya, ang kapatid po’y may kababaan na nagpatuwid. Naklaro na ngayon. Sa loob ng dalawampu’t apat na oras, tapos na ’yun.

<sup>18</sup> Ngayon ang dako nga ng pagmimisyon ay bukas na muli sa akin. Hindi ko alam kung anong gagawin ko. Hindi ko alam kung sa aling direksyon ako pipihit. Humiling ako sa Panginoon ng isang pangitain. Hiniling ko sa Kanya na sabihin sa akin kung anong gagawin ko. Pero pinayagan lamang Niya ako na manatili muna.

<sup>19</sup> Ngayon, kagabi nung ang mga bata po’y lumabas, ang aking asawa’t lahat ng mga bata, mula sa bahay, ako po’y nangako sa Panginoong Diyos. At sinabi ko sa Panginoong Diyos, “Kung Iyo pong pagpapalain ako sa landas na tatahakin ko, ako po’y maglilingkod sa Iyo. Pero Iyo lamang ipakita sa akin kung saan ako tutungo, at kung papaano ako tutungo, at kung anong gagawin ko.” Kaya, ipinangako ko ang sarili sa Panginoon. Dito sa—dito sa pagmi-ministeryo at lahat, ipinangako ko ito sa Panginoon. Tapos sabi ko, “Kung saan Ka po magbubukas,

anuman ang Iyong gawin, ako ay lalakad sa direskyon na 'yun. Hanggang sa Ikaw ay gumawa ng daan, ako po'y magpapatuloy lang hanggang sa gumawa Ka ng daan." At hiniling ko sa Kanya na gawin itong klarong-klaro nang sa gayon ay hindi ako malinlang, dahil tunay na naniniwala ako na narito na tayo sa sangang-daan na may bagay na mangyayari.

<sup>20</sup> Narinig ko na iprinopesiya ito ngayong umaga ni Kapatid na Neville, o ipinahayag 'yun kung saan alam ko na isa 'yung—isa 'yung propesiya na tinutukoy niya. Ngayon, kaya naman, ako'y nanalangin para sa inyong lahat, at hinihiling ko na kayong lahat ay manalangin para sa akin, nang sa gayon pangunahan ako ng Espiritu Santo nang eksakto sa kung saan ako dapat magtungo, kung ano ba ang dapat kong gawin, para hindi ako magkamali.

<sup>21</sup> Kita n'yo, maraming beses, iniisip ng mga tao na propetikong kaloob 'yun, na basta na lamang sinasabi ng Diyos, "Kukunin Kita sa dako *rito*, at ilalagay Kita sa dako *rito*. Ngayon pumunta ka lang sa dako *rito*." Haya't hindi nga Niya direktang sinasabi sa inyo ang lahat ng mga bagay na 'yan. Kung sinasabi Niya, haya't para saan pa ang pananagumpay na pananampalataya na mayroon ka? Kita n'yo? Kita n'yo, kayo, ipinapahintulot Niya na kayo'y tumayo sa sarili n'yo kaysa sa sino pang iba. Kita n'yo? Nagagawa n'yong lahat na lumapit sa akin at hilingin ang ilang mga bagay, at hindi pa Siya kailanman nabibigo na anupa't Siya ay tumutugon sa inyo. Ganoon nga. Oo. Mangyari nga na humihiling din ako sa Kanya ukol sa mga bagay-bagay mismo, at maraming beses na hinahayaan Niya ako sa sarili ko, kita n'yo, hinahayaan ako na sige't lumakad dito.

<sup>22</sup> May mga bagay nga ako ngayon na kinakailangan kong resolbahin sa sarili ko, at mga desisyon na kailangan kong pagpasyahan. At napaka importante nito, na hindi ko eksaktong magagawa hanggang sa makasigurado ako na Siya talaga ito na nangungusap sa akin. At ako—ako . . . Hindi Siya nagbibigay sa akin ng pangitain. Hinahayaan Niya ako. Kaya nasa kalagayan ako na parang isang ulila, mistula nga, sa umagang ito, hindi ko—hindi ko alam kung saan ako babaling. Kaya, itinatagubilin ko ito sa Panginoon.

<sup>23</sup> Pakiramdam ko—pakiramdam ko, dahil sa panaginip na 'yun, na dapat akong bumalik sa tabernakulo rito at tulungan si Kapatid na Neville hanggang sa may bagay na mangyari. Kaya, ako'y tutugaygay lang.

<sup>24</sup> Tinanong ko si Kapatid na Neville kani-kanina lang, "Kumusta na po ang pag-usad ng iglesya?"

At sabi niya, "Mabuti."

<sup>25</sup> At nabalitaan ko na mayroon pa rin kayong mga espirituwal na mga kaloob at mga bagay sa kalagitnaan n'yo, na umiiral, mga kaloob ng pagpropesiya, at—at pagsasalita sa iba't ibang wika, at pagbibigay salin ng mga wika, na napakinggan

natin kani-kanina lang. At ang mga bagay na 'yun ay nakakapagpatibay sa iglesya, nang malaki.

<sup>26</sup> Pero naisip ko, marahil mamayang gabi ako siguro'y, kung si Kapatid na Neville. . . Kung hindi tayo pangungunahan ng Espiritu Santo para sa ibang bagay, haya't mamayang gabi ay nais kong. . . Lahat kayo, bago kayo umalis sa umagang ito, kayo po'y magsulat ng tanong at ilapag n'yo lang dito, kung may katanungan kayo sa isip n'yo, nang sa gayon makita natin kung ano ang iniisip ng iglesya. Yun 'yung paraan para malaman ng mga pastor kung ano ang nasa puso ng mga tao. At bawat isa sa inyo na may tanong, isulat n'yo lang 'yun at ilapag dito. Kung wala po kayong kapirasong papel para—para maisulat 'yun sa umagang ito, mamayang gabi na lang po, agahan n'yo. Kaya, gusto kong gumugol ng maraming oras sa abot ng makakaya ko, sa mga iyan, para isa-isahin ang mga 'yun at sagutin kayo ng nakabatay sa Kasulatan.

<sup>27</sup> Tapos kung loobin ng Panginoon, kung loobin ng Diyos, may nabanggit akong pahayag dito hindi pa katagalan, na may pagnanais akong mangusap sa inyo tungkol sa pitong huling Mga Tatak ng. . . sa Apocalipsis. Ngayon kung tayo. . . Hindi ko kayang tugaygayin lahat ang Mga Tatak na 'yun sa taon na ito, dahil magsisimula 'yun sa ika-6 na kabanata ng Apocalipsis, hanggang sa—hanggang sa ika-19 na kabanata, para matalakay lahat ang Mga Tatak. Pero 'yung unang tatlo o apat nun ay maaaring sagutin sa loob ng isang gabi, sa tingin ko, isang Tatak kada gabi.

<sup>28</sup> Ngayon, kung nauunawaan natin, doon nga tayo huminto sa bahaging 'yun ng Aklat ng Apocalipsis, kung saan ang Iglesya ay kinuha paitaas patungo sa Kaluwalhatian, tapos ang natitirang bahagi nun ay ang pakikipag-ugnay na sa mga Judio, hindi na sa Iglesya mismo. Yun nga'y pakikipag-ugnay na sa bansang Judio. Kaya kung aatras tayo nang kaunti, mula sa Pag-agaw ng Iglesya, at kukunin. . . Makikita natin dito kung ano ang nangyayari sa panahon nung Mga Tatak, at panahon ng Iglesyang Gentil. Wala na sa panahong 'yun ang Iglesya; at doon na sa bansang Israel, bumalik 'yun at dinala ang Israel doon sa panahon na nahinto 'yun noon sa kanila, dito sa makabagong panahon na; at ang pagdating ng Mesiyas, kung kailan tatanggapin na nila ang Mesiyas.

<sup>29</sup> Ngayon nakukuha n'yo na ba? Ang Iglesya po'y kinuha na pataas. Unang nakipag-ugnay ang Diyos sa Iglesya, sa mga Kapanahunan ng Iglesya. Natalakay na natin 'yun. Pagkatapos ang Iglesya'y kinuha na patungo sa Kaluwalhatian. Pagkatapos ang Espiritu Santo'y bumalik at kinuha ang Israel, bilang isang bansa. At dinala 'yun sa ganitong haba ng panahon, habang ang Hapunan na Kasalan ay nagaganap, at pagkatapos ibabalik ang mga Iyon muli sa katapusan ng panahon. Ipapalagay ko rito ang pisara ko, at para maiguhit ko 'yun at maituro, kapag

dumating na ang oras. Pagkatapos ang Panginoon ay babalik kasama ang Nobya, at makikita siya ng Israel. At, oh, grabeng panahon na 'yun!

<sup>30</sup> Ngayon, bago natin pagdugtungin ito nang tama, may isang maselang aralin na katitisan sa mga teologo at marami pang iba, at mga tagapagturo sa mga kapanahunan na nagdaan, at maging sa mga tao ng Iglesia ni Cristo at sa mga tao na pumaparito para pakinggan ito, 'yun nga, 'yung Pitumpung Sanlinggo ni Daniel. Mayroon tayong. . .Hindi nga tayo makakausad sa Apocalipsis hanggang sa mapagdugtong natin ang Nobya at ang Israel sa Pitumpung Sanlinggo ni Daniel. At marahil, kung loobin ng Diyos, para kung mangungusap Siya sa akin sa hinaharap, para mangusap nang ilan tungkol dito sa Pitumpung Sanlinggo. . .o, hindi po pala sa Pitumpung Sanlinggo, kundi sa pitong huling Mga Tatak. Mangyari nga na sa susunod na Linggo, sisikapin kong talakayin ang Pitumpung Sanlinggo ni Daniel, sa susunod na Linggo, loobin ng Panginoon. At pagkatapos 'yun ang magbubukas sa iba pang talakayin, kung tayo nga'y pangungunahan Niya, para simulan naman ang iba pa. Buweno, malalaman natin mula sa panahon na 'yan.

<sup>31</sup> Si Kapatid na Neville at ako'y kikilos na magkasama sa bagay na ito, at gagawin namin ang lahat na magagawa namin para sa ikabubuti ng mga tao.

<sup>32</sup> Ngayon, sa palagiang pagbalik dito, nananalangin kami para sa mga maysakit, ikinagagalak namin sa tuwina na gawin 'yan. At marahil 'yan ang gagawin ko sa bawat pagtitipon, kung ang mga tao'y may sakit, para ipanalangin sila.

<sup>33</sup> Hindi ko po nais na magpamalalas ng espirituwal na pagkilala. Kita n'yo, ngayon heto po ang nangyari. Sinikap ko. At alam ko na may mga bagay akong nagawa na mali; pero sinikap ko na mamuhay nang sadyang malapit sa Diyos, sa tuwina, sa Diyos, sa ganyan nga nangyayari ang mga pangitain na ito, sa ganito nangyayari ang mga ito. Maski 'yung mga pagkakataon na may mawawalang gamit ang mga tao, at tatawagan nila ako, hihilingin sa akin na manalangin sa Panginoon, para tanungin kung nasaan ang nawawala. Katulad ni Jesse noong mawala niya ang mga asno, at ang mga kalalakihan ay nagtungo't hinanap ang propeta, at sinabi ng propeta sa kanila na ang mga asno'y nakauwi't nakabalik na. Para pong ganoon, na ganap na ayos na ang lahat. Pero mukhang doon na lamang lahat ang pansin, napakaraming tao. . .Hindi lang dito sa lokalidad natin gaya dito; buong mundo mismo, kita n'yo. Kaya lagi pong, parang hati ang pakiramdam ko rito, at para bang pinapanerbiyos ka nito lagi, hanggang sa darating ito sa punto. . .

<sup>34</sup> At 'yun tuloy ang nagbunsod sa kapatid na magsimula sa doktrina na 'yun, na ako raw ang nagsalaman-muling Panginoong Jesus Cristo. At alam natin na 'yan ang sisira sa

buong pagmi—Ministryo na magpira-piraso, at magdadala lang ng kasiraan kay Cristo at lahat na. Kita n'yo? Kaya 'yan ang dahilan kung bakit kinakailangan ko silang yanigin nang husto, para matigil 'yun agad-agad, para ipaalam mismo sa kanila na hindi 'yun sa Diyos, na sa diyablo 'yun. Kita n'yo? At mabubuting tao sila. At ipinapakita nun na ang mga taong ito ay ipinanganak muli ng Espiritu ng Diyos, dahil, nung makita nila mismo ang Katotohanan sa pamamagitan ng Kasulatan, nanumbalik sila sa Diyos, mismo, kita n'yo, agad-agad. Tapos, ipinapakita nga n'yan na si Satanas 'yun na sumusubok gumawa ng kung ano sa mga tao; ang mga taong ito'y maka-Diyos, mga Cristiano.

<sup>35</sup> At ibinunsod nun na marami sa kanila ang nagsabi sa akin, “Kapatid na Branham, lalo pang umigting ang kompiyansa namin sa iyo ngayon kaysa noon.”

<sup>36</sup> Dahil, makikita n'yo kung ano, na sa kaloob na ibinigay ng Diyos sa akin, magagawa ko ang anumang pamamagitan ng bagay na 'yun? Na maipakumbaba ang bansa, o, ang mga tao. Ang tinatawag nating *isang bansa*, ay hindi ang “kosmos” dito, na—na tumpok ng dayami na pangsunog lang at kung ano pa. Ang ibig kong sabihin dito ay ang mga Cristiano, mga tunay na mananampalataya, 'yung pinaka katangi-tangi... Kapag sinasabi nating *bansa*, ang ipinapangal natin ay tungkol sa “mga ipinanganak na muli na bayan,” 'yan ang tinutukoy natin, ang bansa. Hindi ang lahat mismo rito, na saksakan ng dumi't nanggigitata na kinabubuhayan nating sanlibutan, 'yan nga'y —'yan nga'y alabok lamang ng lupa na babalik. Ang tinutukoy ko mismo'y ang mga Cristianong ipinanganak na muli, mga tao na tunay na mga Cristiano.

<sup>37</sup> Hinihintay ko nga na may maghahamon sa akin uli. May lumapit sa akin di pa katagalan, at sabi, “Yung mismong kaisipan, na si Cristo'y dumura sa lupa, tapos sa dura Niya na ito, haya't gagawa Siya ng putik at itatupal sa mata ng isang tao.” Sabi, “Grabeng dumi't, kasagwa nun, na Siya'y dudura, gamit ang dura Niya mismo na galing sa bibig Niya! Grabeng kadumi nun, na dudura sa lupa, at gagawa ng putik at itatupal sa mata ng isang tao.”

Sabi ko, “Pero ang tao'y bumaling dun na nakakakita na.” Kita n'yo, ganoon nga.

<sup>38</sup> At 'yung siya ring nagsabi nun! Mangyari nga na may nudistang camp na binuksan sila malapit sa lugar ko, alam n'yo, swimming pool. At—at 'yung lalaking 'yun ay bumili ng tiket para sa bawat anak niya para magtungo roon at lumangoy sa paliguan na 'yun dun. At siya at ang asawa niya'y nagtungo, rin, sa paliguan na 'yun. Pasensya na po, mga kapatid kong babae. Pero doon nga'y lumalangoy ang mga kababaihan, halos sandaan ang bilang nila, o dalawang daan pa nga, araw-araw; mga kababaihan, hayang nga ang lahat ng karumiha't mga bagay-



bagay, at ang mga kababaihan sa panahon ngayon, at naliligo doon sa tubig na 'yun, 'yung mga dumi't laway na galing sa bibig nila, at nalulunok 'yun at idinudura. Gusto ko ngang hamunin niya ako, kita n'yo.

<sup>39</sup> Sabi nila, “Kung—kung si Cristo’y nabubuhay sa panahon ngayon, tiyak na ipaaaresto nila Siya dahil sa bagay na 'yun na marumi.”

<sup>40</sup> Papaano naman *iyon*? Sigurado ako na nakukuha n'yo ang ibig kong sabihin. Dire-diretso sila doon sa tubig, at marami sa kanila ang may mga sakit, syphilitic, gonorrhoea, at lahat ng iba pa, naliligo dun mismo. At 'yung naidudura nga'y napupunta sa bibig n'yo, at lahat na na gaya nun, at naanod dun nang paganoon. At 'yun ba ang matatawag na malinis, siyanga?

<sup>41</sup> Kaya, oh, naku, itong panahon na kinabubuhayan natin, kapatid na lalaki, kapatid na babae! Panahon na para sa Pagparito ng Panginoon! At ang iglesya'y may isang pag-asa lang, at 'yun ang Pagparito ng Panginoon.

<sup>42</sup> Buweno, hindi ko mapipigilan ang mga bagay na 'yun; di mo na kailangan. Inihula na ng Biblia na ang mga bagay na ito'y lilitaw rito. Hindi ko mapipigil ang mga ito. Pero nais kong ang tinig ko'y mairekord sa Langit, na ako'y laban dito, na kapag dumating ang panahon ng Paghatol. Ako'y laban dito.

<sup>43</sup> Patuloy akong naniniwala na ang Bibliang ito ang Salita ng Diyos. Kung ganoon ay walang anupamang bagay sa mundo, na kontra Rito, ang makapipigil Dito. Mangyari nga na ang Biblia rito, ito ang Katotohanan, ito ang Salita ng Diyos. Kaya ngayon hilahin na natin papasok ang ating—ating—ating mga layag, at umangkla sandali sa tabi ng payapang dalampasigan ng Kanlungan ng Kapahingahan. At—at makalalayag tayo kinabukasan sa kung saang lugar, pero tayo'y sadyang umangkla lamang ngayon at pakinggan ang Tinig ng Makalangit na Ama sa Kanyang pagsasalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, na inaasahan natin, sa araw na ito.

<sup>44</sup> At mamayang gabi, ngayon, isulat n'yo na ang anumang munting tanong na mayroon kayo. Ngayon, huwag po na isang bagay na magiging kasiraan ng kung sino. Kung 'yan po ang gagawin n'yo, kung ganoon 'yan. . .Hindi ko sasagutin 'yun, sa una pa lang, kita n'yo. Pero kung inyong, *sa anumang dahilan*, ay sasabihin, “Buweno, ngayon, kung gagawin ko po ang isang bagay, sinasabi ba ng Diyos na gawin namin ito?” O, alam n'yo, munting mga katanungan sa puso n'yo. O, “May mga kalakip na kaloob sa amin, Kapatid na Branham, at paiiralin ba namin ang mga ito sa *ganitong* paraan o *ganoong* paraan? O, ano ba ang dapat naming gawin?” Bagay na maaari kong sagutin na ibabaling ko kayo sa Kasulatan, kita n'yo. Sige't isulat n'yo. Ikagagalak ko. At kung wala naman, kung ganoon tatalakay na

lamang ako ng isang paksa, at mangangaral sa inyo mamayang gabi, loobin ng Panginoon. Linggo po ngayon, at ako po'y . . .

<sup>45</sup> Noong nakaraang Linggo ay nagsimula akong pumunta kina Kapatid na Cauble. At narinig ko 'yung kalembang nitong kampana ng simbahan, at ako'y naglalakad-lakad doon sa bakuran. Hindi ko matiis. Ganoon nga. Narinig ko kayo, kaya ako'y—ako'y—ako'y sumadya mismo rito.

<sup>46</sup> Kaya ngayon ay iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon at mangusap tayo sa ating Manlilikha, at pagkatapos sa isang pagdulog na pananalangin. Mayroon po ba rito na may espesyal na kahilingan? Itaas n'yo lamang ang inyong mga kamay, sabihin n'yo lang, "Ako. . ." Ipaalam n'yo lang. Talos ng Diyos kung ano ang nasa puso n'yo. Ngayon isadiwa n'yo lang ang inyong kahilingan sa isip n'yo.

<sup>47</sup> Pinaka Banal na Diyos, Na may lalang ng Kalangitan at lupa sa pamamagitan ng Salita ng Iyong bibig, sa pamamagitan ng mga kaisipan ng Iyong diwa, kami po'y dumudulog sa Iyong Presensya, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na aming Panginoon, para magpasalamat sa Iyo para sa lahat ng Iyong ginawa para sa amin. At lubos ang pasasalamat namin sa Iyo, Panginoon, sa umagang ito, na malaman kung saan kami nakatayo, sa pagkabatid ng posisyon na kinalalagayan namin sa umagang ito, at ng kasaysayan ng panahon, at ang hinaharap na parating. Yamang nababatid namin ngayon, na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ay kami'y hinugasan sa Dugo ng Kalbaryo, na kami'y nakahanda, na may pananampalataya sa aming mga puso, para katagpuin Siya kung Siya'y paririto ngayong araw na ito. Sasabihin nga namin, "Siya nawa, pumarito Ka, Panginoong Jesus."

<sup>48</sup> At nakikita na namin ang kasalanan na apaw-apaw na, hanggang sa para bang ang mundo'y pagiray-giray na sa epekto ng kasalanan. Ganoon na lamang ang mga pag-iinom ng alak at pagsusugal, at pagpapakalango, at lantarang paghuhubad, at, Oh Diyos, ang mga kahalayan, at karumihan at pagsalaula ng mga tao. At mangyari nga na sila, kung mapagtatanto lamang nila, Panginoon! Ang mga tao po bang ito, na nananamit na gaya n'yan sa nag-iiklian na mga salaulang makasalanang pananamit, at lalabas diyan sa lansangan, napagtatanto ba nila na sila'y anupa't mga surot at alabok lamang, at marahil sa susunod na sanlinggo ay kakainin ng mga surot ang katawan na 'yan na kanilang pinapangalandakan? Napagtatanto ba nila na kakainin ito ng mga uod, at ang kanilang kaluluwa ay paroroon sa ibayo sa isang Walang Hanggan na walang Diyos, walang Cristo, walang pag-asa, na lumulubog sa malalim na kawalan ng pag-asa, na anupa't lilipulin mismo sa Kanyang Pagdating? Oh Diyos, magkaloob Ka nawa sa amin ng mga tinig ng—ng babala, nang sa gayon ay mabalaan namin ang bawat kaluluwa ukol sa panganib na ito na kanilang sinasalubong.

49 Ikaw po'y sumaaamin sa araw na ito. Iyo pong pagkalooban kami ng "mga salita ng karunungan," gaya ng sinabi minsan ni Solomon sa Ecclesiastes, na kami'y maging "marurunong na mga tagapagtayo," na kami'y maging "mga pastol ng kalipunan na ito." At dalangin namin, Panginoon, sa amin pong paghahanap ng mga salita na masasambit, na ang mga ito'y maging—ang mga ito'y maging obra maestra na sasalo sa puso na masidhing nangangailangan dito sa umagang ito.

50 Hindi po kami dumako rito at nagtipon sa ilalim ng mainit na bubungan na ito ngayon, para lang po magpakita, ngunit kami'y naparito dahil minamahal Ka namin, at dahil kami'y nagmimithing makapakinig mula sa Iyo. Ikaw ang aming Mangingibig na minamahal namin, at ninanais namin na mapakinggan ang Mga Salita na nanggagaling mula sa Iyo. Kami po'y lubos ang pasasalamat sa bagay na narinig na namin. Ito po'y matagal na mananatili sa amin. Ngayon Iyo pong pagkalooban kami ng bahagi na Iyong inilaan para sa amin sa araw na ito, habang patuloy kaming naghihintay sa Iyo. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, at alang-alang sa Kanya. Amen.

51 Ngayon ito'y... [Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika, isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.]

52 Malaki ang pasasalamat natin sa mga pagdadakila na ito mula sa Espiritu, sinasabi ng mga ito at binabalaan tayo na magmatyag sa Mga Salita na marahil ipangungusap sa atin ng Espiritu Santo sa araw na ito. At hindi natin alam kung ano mismo ang inilaan Niya para sa atin ngayon, pero tunay na nalalaman natin na may bagay mismo na Kanyang ihahayag. Marahil isa'yung katanungan sa isip n'yo, na Kanyang sasalitain mismo sa pamamagitan nun. Ipangungusap Niya'yun marahil sa pamamagitan nitong Mensahe sa umagang ito. Marahil ipangusap Niya'yun mamayang gabi sa gawain. Siya, saanmang dako sa araw na ito, may ibinunsod Siya, mistula nga, na balaan ang sinuman na saluhin ang Mga Salitang ito.

53 Ngayon bumuklat na tayo sa nasusulat na Salita, tayo po'y dumako sa Aklat ng Exodo, para sa araling pang-Sunday School.

54 Mayroon po ba kayong gawain para sa pagbabautismo mamaya? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Wala po, mamaya pang alas sais ng gabi."—Pat.] Wala. Ang gawain sa pagbabautismo ay alas sais ng hapon mamaya.

55 Dumako po tayo sa ika-17 kabanata ng Exodo, at simulan natin sa—sa ika-5 talata, sa palagay ko, sa ika-5 at ika-6 na talata ng ika-17 kabanata ng Exodo.

*At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Dumaan ka sa harap ng bayan, at ipagsama mo ang mga matanda sa*

*Israel; at ang iyong tungkod, na iyong ipinalo sa ilog, ay tangnan mo sa iyong kamay, at yumaon ka.*

*Narito, ako'y tatayo sa harap mo . . . sa ibabaw ng bato sa Horeb; at . . . iyong papaluin ang bato, at lalabasan ng tubig, upang ang bayan ay makainom. At gayon ang ginawa ni Moises sa paningin ng mga matanda sa Israel.*

<sup>56</sup> Ngayon kung pamamagatan ko ang munting Sunday School na tekstong ito, nais kong kunin ito bilang paksa para sa aralin sa umagang ito, *Ang Palagiang-Nariyan Na Tubig Mula Sa Bato*.

<sup>57</sup> Alam natin na ang Israel sa tuwina'y ang pangkasaysayang halimbawa ng iglesya. Dahil, ang Israel ay ang bayan ng Diyos hanggang sa sila'y lumabas ng Egipto, at pagkatapos sila'y naging ang iglesya ng Diyos dahil sila'y ibinukod mula sa iba pa sa sanlibutan.

<sup>58</sup> At noong tayo'y ihiwalay mula sa iba pa sa sanlibutan, doon nga tayo naging ang iglesya. Pero habang nabubuhol-buhol pa tayo sa iba pa sa sanlibutan, kung ganoon ay hindi tayo ang iglesya. Ngayon umaasa ako na ang bagay na 'yan ay tumimo mismo nang malalim, tumagos mismo sa paglalagyan nito. Kita n'yo, hindi tayo ang iglesya hanggang sa mahiwalay tayo mula sa sanlibutan. Ibukod natin ang ating mga sarili, lumabas tayo mula sa mga taong ito na marurumi, huwag tayong magkaroon ng kaugnayan sa kanila, at huwag tayong makibahagi sa kanilang mga kasalanan. Huwag makipamatok sa mga di-mananampalataya, bagkus ay ihiwalay ang inyong sarili mula sa mga bagay ng sanlibutan.

<sup>59</sup> At noong ang Israel ay nasa Egipto, sila'y ang bayan ng Diyos. Pagkatapos noong sila'y tawagin palabas, o nagkaroon ng exodo, lumabas, mangyari nga na tinawag silang ang iglesya, dahil sa panahon na 'yan nila inihiwalay ang kanilang mga sarili mula sa iba pa sa sanlibutan.

<sup>60</sup> At ang ibig sabihin ng mismong salita na *iglesya* ay "tinawag palabas." *Exodo*, "lumabas." Bawat isa sa atin, bilang Cristiano, ay nagkaroon ng exodo sa ating buhay. May panahon kung saan tinawag tayo palabas mula sa ating mga kasamahan, tinawag palabas mula sa mga tao na kasa-kasama natin noon na nakikipagbuklod, at tayo'y naging ibang tao, para lumakad kasama ang kakaibang mga tao na iba ang kilos at iba ang pananalita. Isa 'yung exodo ng ating buhay.

<sup>61</sup> Pinaka mainam na halimbawa na ibinigay ng Israel sa atin, ay noong tinawag sila ng Diyos palabas. Nagkaroon sila ng exodo, at lumabas mula sa—sa mga tao sa sanlibutan, at naging inihiwalay na bansa, ukol sa Diyos, isang kakaibang bayan. Lumakad sila sa ilalim ng anino ng luklukan ng awa. Nabuhay sila't lumakad sa tabi ng dakilang Haliging Apoy. At dinala sila palabas ng Diyos mula sa Egipto, patungo sa lupain na Kanyang ipinangako.

<sup>62</sup> At, sa exodo na ito, binigyan sila ng espirituwal na tagapanguna, isang namumuno, si Moises, na isang dakila't pinahirang propeta na isang—isang dakilang tao. Isa siyang maka-Diyos, ipinanganak siyang maka-Diyos. Tinawag siya ng Diyos mula sa kanyang nanay, maski noong panahon na 'yun noon; itinalaga na siya ng Diyos bago pa itatag ang mundo, para maging isang tagapanguna ng salinlahi na 'yun, para dalhin ang exodo na ito sa mga tao.

<sup>63</sup> Dito hindi pa katagalan, nangusap ako sa maliliit na mga bata rito sa tabernakulo, at may munti ako noong pangangaral sa kanila; at ikinuwento ko, o binigyan ko sila ng kaunting pagsasadula kung papaanong si Jochebed, kung papaanong nanalangan siya, siya at si Amram, ang tatay ni Moises, patungkol sa bagay na gagawin ukol sa pagpapalaya sa mga tao. At si Amram ay nakakita ng pangitain na ang Diyos ay nakatayo, o isang Anghel, na nakaturo sa direksyon ng hilaga, at sinabi sa kanya kung ano ang magaganap. At ang munting Moises ay ipinanganak. At hindi sila natakot sa mga utos ng hari, ni sa mga pananakot. Alam nila na ang Diyos ay naroon ang kamay Niya kay Moises, at 'yun na 'yun. Siyanga. Kahit na ano pa ang sabihin ng hari, anuman ang sabihin ng sanlibutang ito ng pulitika, anuman ang sabi-sabihin ng iba pa riyan, batid nila na ang Diyos ay naroon ang Kanyang kamay kay Moises. Kaya hindi sila natakot na paanurin siya, doon sa gitna mismo ng mga buwaya; gayong nagsitabaan ang lahat ng mga ito dahil sa mumunting mga Hebreong sanggol, kung saan sila'y ipinapakain sa mga buwayang ito. At sa kabila nun ay inilagay pa rin si Moises na nasa loob ng munting daong at pinaangit mismo sa kalagitnaan ng mga buwaya, doon mismo sa kalagitnaan nila. Dahil, hindi sila natakot, alam nila na ang Diyos ay naroon ang Kanyang kamay kay Moises.

<sup>64</sup> Buweno, ngayon, kung ganoon lamang sana ang pagkabatid natin, na ang ating dakilang Tagapanguna, ang Espiritu Santo, na ipinadala Siya ng Diyos, at Siya ang ating Tagapanguna, at kahit na ano pa ang sabihin ng sanlibutan, at kahit na gaano pang kadalas silang magtawa at libakin kayo, tayo'y sumusunod sa ating Tagapanguna! Ipinadala ng Diyos ang Espiritu Santo para maging ating Tagapanguna. Kita n'yo? "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan. Gayunpaman makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasainyo, sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Kaya, ang ating dakilang Tagapanguna ay kasama natin, ang Espiritu Santo. Ngayon kinakailangan nating sundan ang Tagapanguna na ito at sadyang gawin mismo ang sinasabi Niya na gawin. At hindi tayo ililigaw sa landas ng Tagapanguna na ito, pananatilihin Niya tayo nang tama sa landas ng Kasulatan sa lahat ng pagkakataon. Mangyari nga na hindin-hindi Siya papaling sa *isang* panig na ito ukol sa isang bagay, at sa *kabilang*

panig naman ukol sa isang bagay. Siya'y mananatili't mananatili mismo sa landas ng Mga Kasulatan.

<sup>65</sup> At si Moises ay may daan mismo na kinailangan niyang dalhin dun ang Israel, at tahakin patawid ang Dagat na Pula, patawid ng Jordan, patungo mismo sa ipinangakong lupain, doon mismo patawid ng ilang. Hindi si Moises ang nawala sa pagkakalinya. Hindi ang Diyos ang nawala sa pagkakalinya. Ang mga tao ang nawala sa pagkakalinya, 'yun ang nagdulot ng kaguluhan. Kaya, bulayin natin ang mga bagay na ito ngayon. (Pasensya na po.)

<sup>66</sup> Si Moises, bilang pinahirang tagapanguna. Sa wakas, noong magpamalas siya sa mga tao, sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan, na Diyos lamang ang makagagawa, nagpamalas siya ng mga tanda't mga kababalaghan na ito sa harap ng mga matatanda ng Israel, at sa harap ng Israel, hanggang sa sila'y makumbinsi na itong si Moises na ito ang pinahiran na magdadala sa kanila palabas ng bansang ito, patungo sa mabuting lupain na 'yun na ipinangako. Pagkatapos nga na masaksihan nila ang mga dakilang bagay na ito na ginawa ni Moises sa pangalan ng Diyos, sila'y may kaluguran na sumunod sa kanya. At inilabas niya sila, pinangunahan sila patawid ng Dagat na Pula, tumawid, lumakad sa tuyong lupa, at tinahak ang paglalakbay na 'yun sa ilang, na katumbas ng panahon ng mga pagsubok.

<sup>67</sup> Kapag ang isang tao'y tumatanggap kay Cristo bilang kanyang Tagapagligtas, ang lahat ay nasa ibabaw ng bahay. Pero, bago dumating ang taong ito sa bautismo ng Espiritu Santo, ang taong ito, kinakailangan niyang dumaan sa proseso ng pagpapaging banal. Kinakailangan niyang dumaan sa panahon ng pagsubok sa kanyang buhay. Lahat kayo'y dumaan dun. Dumaan siya sa pagsubok na ito. "Bawat anak na lumalapit sa Diyos, ay kinakailangan munang mahampas, mapalo, madisiplina. At kung hindi natin kayang tagalan ang pagdidisiplina, kung ganoon ipinapakita lang n'yan na tayo'y hindi mga anak ng Diyos; tayo'y mga anak sa labas, at hindi mga anak ng Diyos," ang sabi ng Biblia. Pero kung kaya nating tiisin ang pagdidisiplina, yamang nalalaman na "ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos," kung ganoon tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, tapos Kanyang tatatakan tayo ng Espiritu Santo hanggang sa araw ng ating katubusan. Kita n'yo, 'yun ang pagdidisiplina, ang paghihirap, ang bagay na dadaanan natin.

At ang Israel, ay ang tipo sa kasaysayan, na kinailangang dumaan sa pagdidisiplina na ito.

<sup>68</sup> Ngayon, noong naroon sila sa Egipto, at ipinadala ng Diyos si Moises. At iniunat ni Moises ang tungkod, at nagsilitawan ang

mga pulgas at kuto sa lupa. Noong iniunat niya 'yun sa direksyon ng araw, at lumubog ang araw. Iniunat niya 'yun sa ibabaw ng mga tubig, at naging dugo ang tubig. Haya't, ang Israel ay naroon sa Canaan. . . naroon sa—sa Goshen, sila'y nagtatamasa ng maluwalhating panahon; hindi dun lumubog ang araw, hindi sila tinamaan ng mga salot; aba't, sila'y nagtatamasa ng maluwalhating panahon!

<sup>69</sup> Kagaya nga ng ginawa n'yo noong simula na kayo'y naligtas. Ang lahat ng mga bagay, iba na ang awit ng mga ibon, at ang lahat ng tao'y malambing. At, oh, grabe, ganoon na lamang na ang lahat ng mga bagay ay napaka inam noong simula na kayo'y naligtas! Pagkatapos dumating ang panahon ng pagsubok, ang pagdidisiplina, ang panahon ng pagpapaging banal, ipinapaging banal ang sarili mula sa mga bagay ng sanlibutan, “na isinasantabing walang liwag ang bawat pasan na pumipigil sa atin.” Kayo, isang lalaki, kinailangan n'yong ihinto ang paninigarilyo, tigilan ang inyong pag-iinom ng alak, itigil ang inyong pagpupunta-punta sa bilyaran, ang inyong magdamagang paglalaro ng baraha. Lahat ng mga bagay na 'yan, kinailangan n'yong pagpapaging banalin ang inyong sarili mula sa mga bagay na ito, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dugo ni Jesus Cristo. Pinagiging banal ang sarili! Kayo naman na mga kababaihan ay nagpapahaba ng inyong buhok, mahaba kung manamit, at iba na ang kilos kaysa dati. Panahon ng pagpapaging banal! Maraming beses na ang mga tao'y magrebelde't bumabalik; buweno, hindi ganyan ang anak ng Diyos, kita n'yo. Ang anak ng Diyos ay nakatuon nang direktso sa Kalbaryo, at alam na ito'y para sa ikabubuti niya.

<sup>70</sup> Kaya hayan nga na sa panahon na 'yun ng proseso, doon nangyari ang malaking pagtalikwas, sa Israel. Doon nga sa panahon na 'yun na nag-umpukan sila, tapos ang mga tao'y nagsimulang tumalikwas, mula sa isang panig patungo sa kabila. Tapos sa kanilang mga usap-usapan, “Buweno, gusto naman talaga nating bumalik sa Egipto. Inaayawan ng mga kaluluwa natin ang munting tinapay na ito.” Sa madaling sabi, kung dadalhin ko ito ngayon sa kasaysayan, ganoon ang sinabi nila.

<sup>71</sup> Ngayon sa modernong panahon, marahil ganito 'yun, “Oh, kada Miyerkules ng gabi, pagtitipon na naman para sa pananalangin! Kada Linggo ng umaga, balik na naman sa simbahan! Ano bang napapakinggan natin dun? Ganoon at ganoon na lang lagi; tatayo ang mangangaral at mangangaral; awitan; paulit-ulit.” Kita n'yo, kung ganoon nagpupunta lang kayo para sa iniatang na tungkulin. Hindi talaga kayo mananamba. Ang isang mananamba'y nagtutungo roon para sumamba, para ipahiwatig ang kanyang sarili sa harapan ng kanyang Diyos, para purihin ang Diyos dahil sa kabutihan ng Diyos; na sa bawat Salita, siya'y nanghahawakan Dito.

<sup>72</sup> Katulad na lang sa pag-iibigan. Kung kayo'y sumasama sa isang babae dahil alam mo na tungkulin 'yun, o sumasama ka sa isang lalaki, noong kabataan pa kayo. "Gusto kasi ni nanay na sumama ako sa lalaking ito, pero hindi ko naman talaga siya matagalan." Wala nga kayong nakukuha sa kanyang pagdating para makipagkita sa inyo. O, ganoon din 'yun sa isang babae sa isang lalaki, o lalaki sa babae. Sasama kayo sa kanya, siya nama'y di pumupukaw ng interes mo; gusto lang kasi ni nanay na sumama ka sa kanya dahil siya 'yung tipo ng babae na gusto ni nanay. Kita n'yo, hindi kayo natutuwa; walang pag-ibig talaga. Haya't wala kayong pagmamahal, ayaw n'yo ngang magpostura, hindi naman n'yo talaga kasi gustong makipagkita sa kanya. At isa 'yung . . . Naku, teribleng bagay nga. At kapag ang lalaking ito'y darating para makipagkita sa inyo, naku, inisip n'yo na lang na sana madaliin niya, umuwi na.

<sup>73</sup> Ganoon din 'yun sa inyo, "Bakit ang tagal-tagal naman nitong mangaral? Ano bang makukuha ko sa bagay na *ito*, at sa lahat na ito?" Kita n'yo, hindi kayo umiibig.

<sup>74</sup> Pero kung kayo'y nanghahawakan mismo sa bawat Salita, gaya ng babalang ibinigay sa inyo ng Espiritu ngayong umaga, kita n'yo, "Manghawakan sa bawat Salita." Yun marahil ang sinasabi na Niya sa inyo kanina pa. Manghawakan! Ito'y Buhay na Walang Hanggan, bawat Salita ng Diyos. Isang kagalakan ang makadalo sa simbahan, anuman ang sirkumstansya. Mainit man, malamig, walang malasakit, kahit na ang mga tao pa'y nanliligalig, nagrereklamo, anuman ang ginagawa nila, kagalakan pa rin na mapakinggan ang Salita ng Panginoon. Kung ganoon ay umiibig kayo kay Cristo, kita n'yo, may paggiliw kayo na dumalo sa simbahan.

<sup>75</sup> "Buweno, mahal, heto't Linggo ng umaga na naman, sa tingin ko kailangan nating paliguan ang mga bata't magpunta roon. Naku, maiinip na naman ako nito!" Kita n'yo, hindi kayo umiibig.

<sup>76</sup> Pero kung tunay na umiibig kayo, hindi kayo makapaghintay na mag-Linggo ng umaga uli, talagang may pagpupursigi kayo na magtungo roon kasama sila. At sa pagpunta roon, at hanggang sa pag-alis. . . Ang mga tao ng Diyos, hindi sila kaabalahan sa iyo. Aba, sila nga'y—sila nga'y inyong mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae. Gaya nga ng lagi kong sinasabi, "Parang kasing lapot ka ng pulutipot na Batad sa malamig na umaga." Hindi 'yun—hindi 'yun pakalat-kalat, buo 'yun, alam n'yo, matindi ang pagkakakapit. Ngayon, medyo di pino ang kasabihan na 'yun, pero sinisikap nitong—nitong—nitong ipaalam sa inyo ang ibig kong sabihin, kita n'yo. Kumakapit kayo. At kapag mas lumalamig, mas tumitindi mismo ang pagkapit. At ganoon nga dapat tayo. Kapag mas lumalamig. . .



Kapag tumatalikod ang mga kaibigan sa lupa,  
Nananatiling mahigpit ang kapit ko sa Kanya!

<sup>77</sup> At ang iniibig natin, sa isa't isa, ay hindi nga dahil espesyal tayo; bagkus si Cristo 'yun na narito sa bawat isa sa atin, na siyang iniibig natin, kita n'yo. Ang Diyos na narito sa ating mga katauhan, na iniibig natin. Ngayon gustung-gusto nating maglakip-lakip. May dati tayong inaawit na lumang himno:

Pagpalain ang taling nagbubuklod  
Sa ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano;  
Ang ating pakikipagbuklod sa iisang kaisipan  
Ay tulad ng sa Kaitaas-taasan. (Kita n'yo?)

Ang pakikipagbuklod sa iisang kaisipan  
Ay tulad ng sa Kaitaas-taasan.

Sa harapan ng Luklukan ng Ama,  
Ibinubuhos natin ang pananalangin nating  
maalab;  
Ang ating takot, ating pag-asa, ating tunguhin  
ay iisa,

Ang ating kaaliwan at ating  
pinagmamalasakitan.

<sup>78</sup> Kita n'yo? Siyanga, po! Kapag ang isa'y may pagpapala, lahat tayo'y masaya dahil dun. Kapag ang isa'y malungkot, tayo'y malungkot kaagapay niya. Gusto nating—gusto nating sama-sama tayong lahat. Ngayon ganoon dapat tayo talaga.

<sup>79</sup> At ganoon dapat talaga ang Israel. Pero naging kabigatan, “Oh, lagi na lang itong munting tinapay na ito!” Tinapay ng mga Anghel, “Buweno, ano bang pakialam namin sa palagian na lang na munting tinapay na ito? Inaayawan ng aming mga kaluluwa ang bagay na ito! At lahat palpak. At—at itong palagian na lang na manna na bumabagsak gabi-gabi, naku, mas gugustuhin namin 'yung bawang at sibuyas mula sa Egipto.” Kita n'yo, 'yung mga puso nila'y hindi handa para sa paglalakbay na 'yun.

<sup>80</sup> At kung ang isang lalaki o isang babae'y magsisimulang magreklamo tungkol sa pagpunta sa iglesya, na sila'y pagod na sa pagdalo sa iglesya, hindi sila handa para sa paglalakbay. Ganoon nga. May mali sa kung saan.

<sup>81</sup> Oh, kapag mahal n'yo ang Diyos, at iniisip n'yo na mapupunta kayo ng Langit, at lahat kayo'y sama-samang tutungo:

Grabeng pagbubuklod, grabeng kagalakang  
Makalangit,  
Nakahilig sa di-nagmamaliw na bisig;  
Oh, grabeng pinagpalang kapayapaan kalakip  
ang aking Panginoong kay lapit,  
Nakahilig sa Kanyang di-nagmamaliw na  
bisig.

Grabe pong . . . Inaawit-awit natin ang mga himnong ito.

Nagdadamayan tayo sa kalungkutan ng isa't isa,

Ang kabigatan ng isa't isa'y ating pasan-pasan;

At sa tuwina'y nagpapatulo sa kapakanan ng iba

Isang nakikidalamhating pagluha.

Sa panahong tayo'y naghihiwalayan,

Nagdudulot ito sa atin ng sakit ng kalooban;

Subalit tayo pa rin sa puso'y magkadugtong,

At umaasang sa muli'y magkakatagpo-tagpo sa susunod na oras ng pagtitipon para sa pananalangin. (Siyanga, po, puso pa ri'y magkadugtong!)

<sup>82</sup> Ngayon kayo'y handa na para sa paglalakbay, kita n'yo, handa na kayo para pumunta sa ipinangakong Lupain. Ang mga panahon ng pagsubok, nariyan ang mapanganib na tahakin; ang ilang, ang panahon ng pagsubok.

<sup>83</sup> Ang Israel, sa panahon na siya'y sinubok, siya'y humantong sa pag-aaway at pagbabangayan sa isa't isa, at pag-ayaw sa tinapay. At gusto nilang bumalik sa Egipto.

<sup>84</sup> At pagkatapos nagsimula silang magreklamo laban sa kanilang tagapanguna. Oh, takot na takot sila na baka pinapangunahan niya sila na maligaw; matapos na ipinamalas na niya mismo na siya'y isang tagapanguna, at samantalang Diyos na mismo ang nagpatunay na siya nga ang tagapanguna. "Buweno, baka medyo kumilos lang tayo sa panatikong pamamaraan. At—at kaya basta-basta na lang tayo humayo, pero maling-mali ang hakbang natin sa simula pa lang," o, parang ganoon, kita n'yo, nag-uumpukan sila laban sa Diyos at laban kay Moises, sa Diyos at sa Kanyang tagapanguna.

<sup>85</sup> Ngayon kapag tayo'y humantong sa isang kalagayan, na sasabihin, "Hindi ko alam kung ang ibig sabihin ba ng Salita ay *Ganito*, o hindi," at "wala akong alam patungkol sa Espiritu Santo; medyo nag-aalinlangan ako tungkol Diyan. Ang alam ko na may iba na hindi naniniwala Riyan." Buweno, bumalik ka ng Egipto. Kita n'yo?

<sup>86</sup> Pero kung talagang determinado kayo na manatili sa daan, manatili sa Tagapanguna na ito, ang Espiritu Santo, manatili mismo sa Salita. At kung mananatili kayo sa Espiritu, pananatilihin kayo Nito sa Salita. Ganoon nga. Dadalhin kayo Nito mismo sa pagkakalinya, sa daan mismo ng Salita. At huwag n'yong ikatakot Ito. Hindi kayo Nito sasaktan, tutulungan pa nga kayo Nito kapag kayo'y nasasaktan. Pagagalingin Nito ang lahat ng kasakitan, ganyan mismo ang gagawin ng Espiritu Santo.

<sup>87</sup> Ngayon nalaman natin, na sa daan na ito, matapos na sila'y naging ganoon, dumako sila sa isang lugar ng Horeb. At ang H-o-r-e-b, Horeb, mangyari nga na makikita natin. . . Sige't himayin natin ang pangalan na 'yan. Diyan nga'y ang—ang ibig sabihin ng pangalang *Horeb* ay “isang tuyong lupain” o isang “disyerto.”

<sup>88</sup> At kung mawawalay tayo sa pakikipagbuklod sa isa't isa sa iglesia, at mawawala sa pagbubuklod sa Espiritu Santo, dadalhin tayo nun sa isang tuyong lupain, sa isang disyerto, na walang buhay roon, ang lahat ay may tusok-tusok. Kita n'yo, isang—isang disyerto, isang munting piraso ng cactus na may mga tusok-tusok. Alam n'yo ba kung ano 'yun? Isa 'yung kalugud-lugod na medyo malambot na dahon na wala lang tubig, naging ganoon lang 'yun na naluntoy kaya nagkaroon ng tusok-tusok. At kung may makita kayong katulad nun, marahil isang kalugud-lugod na kaluluwa na maaari namang diligan lang nang tama, na maaaring maging isang malambot na dahon sana o kung ano. Pero sa halip na ganoon, ay naluntoy na nagkaroon tuloy ng tusok-tusok, na talagang nakakatusok, alam n'yo, naghahanap ng mali. Ang tanging kailangan nun ay tubig. Ganoon lang. Ang kailangan lang nun ay isang—isang rebaybal, o isang pagbasag, isang pagpapanariwa mula sa Panginoon. Ibubukadkad nito—nito ang kanyang sarili, kung ilalagay n'yo lamang 'yun sa tubig.

<sup>89</sup> Pero, doon nga sila na naglulumagi sa ganoong dako nagdudusa sa kalagayan ng ganoong lugar. At sila na gustung-gustong mamuhay sa ganoong klase ng kapaligiran, kung saan ang lahat ay nagtutuligsaan at nagbabangayan, at nag-aaway at nagkakaibnitan nang gaya nun, buweno, mamumuhay talaga kayo sa ilalim ng ganoong kapaligiran, ganoon 'yun. Pero ayaw nga nating mamuhay sa ganoon, hindi naman natin kailangang maglumagi sa ganoon.

<sup>90</sup> Ngayon, itong Horeb ay lugar kung saan ang Diyos ay nadismaya sa kanyang bayan, dahil naglibot-libot sila sa lugar na ito at nasadlak tuloy sa ganoong kondisyon. At Kanya ngang pinaikot-ikot sila roon, dahil nga sa ayaw nilang tumugaygay sa tamang tahakin. Lumihis sila sa—sa pinaka daanan, tumahak sa ibang direksyon na daang ito. At nagbunsod 'yun na ang Diyos ay gumawa ng isang bagay na kakila-kilabot. Siya . . . Ibinunsod ng Diyos si Moises na kunin ang tungkod ng paghatol na kanyang ginamit noon para hatulan ang isang bansa, at hampasin ang Bato, para maglabas ng tubig.

<sup>91</sup> Ngayon, may magandang aral dito kung matatalakay lamang natin, kita n'yo. At dahil sa masyado na tayong wala sa kaayusan, at mapagmahal na sa sanlibutan, at ganoong mga bagay, nagbunsod 'yun na kunin ng Diyos ang kahatulan ng sanlibutan at ihagupit sa Kanyang Sariling Anak, doon sa Kalbaryo, nang sa gayon lumaya tayo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>92</sup> Ngayon, para ang mga tao'y madala sa dako ng tubigan, matapos na makapunta sila roon, itong tuyong lupain na ito'y ipinaging Kalbaryo. At doon ay sinabi ng Diyos kay Moises, sabi Niya, "kunin mo ang tungkod at ang mga matatanda, at humayo kayo, at Ako'y tatayo sa Bato sa harapan n'yo." At ang Bato na ito ay si Cristo. At si Moises, gamit ang tungkod na kanyang ginamit para magdala ng kahatulan sa bansang Israel, kinuha ang siya ring tungkod na ito at ipinataw ang mga kahatulan ng Diyos sa Bato na ito. Kita n'yo? Kinuha niya ang mga kasalanan ng mga tao patungo sa tungkod na ito. Na, dapat sana'y hinagupit niya sa mga tao. Pero sa halip na hagupitin ang mga tao, kanyang hinagupit ang Bato. At ang Bato, sa pamamagitan ng gawa ng Diyos, ay nagdala ng kaligtasan, nagdala ng tubig sa mga taong naghigingalo. Nagdala 'yun ng buhay sa mga naghigingalong tao. At 'yun ang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng pagkuha sa Kanyang—Kanyang tungkod ng paghahagupit na kahatulan, at ipinulupot ang aking mga kasalanan at inyong mga kasalanan sa tungkod na ito; kung saan dapat tayo ang hinagupit, pero ito'y humagupit kay Cristo; nang sa gayon mula sa Kanya'y lumabas ang *mga tubig*, na ang ibig sabihin ay "Espiritu," ang Espiritu Santo na nanggaling mula sa Kanya, para bigyan tayo ng Buhay. Ngayon mayroon na tayong Buhay na Walang Hanggan. Ngayon, ang Bato na 'yun ay si Cristo. Ngayon gusto nating pansinin.

<sup>93</sup> Marami na akong nakitang pang-intelektuwal na guhit ukol sa Batong ito. May nakita na ako na isa sa pinaka kritikal, hindi pa katagalan, kung saan ang nakaguhit doon ay isang—isang maliit na bato na naroon sa ibabaw ng isang burol. At—at si Moises ay akma nang hahampasin ang bato na ito, at ang Israel ay pumaroon na may dala-dalang tasa, na kumukuha roon ng maiinom na maliliit na patak na nanggagaling doon sa bato. Ngayon ideya lamang 'yun ng kung sino.

<sup>94</sup> Dahil noong ang Bato na ito'y maglabas mismo ng tubig Nito, lampas dalawang milyon ang tao roon, hindi pa kabilang ang mga baka, mga kamelyo, at lahat ng iba pa na kung uminom ng tubig ay batya-batya mula Rito. Isa 'yung bumubulusok na agos na dumadaloy mula roon!

<sup>95</sup> Ganyan ang pilit na paglalarawan nila kay Cristo, sa Espiritu Santo sa panahon na ito. "Isa lamang itong munting patak." Kita n'yo, sapat lang para ibunsod kayo na maniwalang may Diyos. Hindi.

<sup>96</sup> Isa 'yung kasaganahan ng Tubig! Sabi ni David, "Ang aking saro ay umaapaw!" Isa 'yung pagbulwak mismo ng Espiritu Santo.

<sup>97</sup> Kinatatakutan Ito ng mga tao. Sinasabi ng ilang tao, "Buweno, ako'y medyo natatakot lang na gawin *ito* o *iyon*, o kung ako nga'y lalalim nang kaunti. May mga maipapakita nga ako

na mga medyo sumobra.” Pero hindi n’yo pinansin ’yung isa na hindi sumobra. Kita n’yo? Oo, papaano naman ’yung mga iba na hindi sumobra?

<sup>98</sup> Ngayon, mayoon nga tayong ilan na humantong na sa laman, at kumbaga’y sa umpisa pa lang mali na. At—at hindi ang Diyos, kundi ang mga tao ang humantong sa . . . Dahil sa hindi mabuting pamumuno, at kung ano pa, kaya napunta sila sa mali, at napadpad sila sa kapanatikuhan. At pagkatapos ang buong mundo, ’yun mismo ang ituturo ng diyablo, “Tingnan n’yo ’yan! Tingnan n’yo ’yan!”

<sup>99</sup> Buweno, hayaan n’yong tumayo ako sa umagang ito at ituro naman ’yung sampung makamilyon na ni hindi man lang nakapagsimula pa. Papaano naman sila? Kita n’yo, tingnan n’yo ang kalagayan nila. Tingnan n’yo ’yung lalaki na ’yun gaya ni Eichmann ngayon, na may pinaka mataas . . . Sinasabi nila, “Ang mga pentecostal ay hindi etikal at masasagwa, at sila’y hindi edukado,” at kung anu-ano pa na gaya nun. Tingnan n’yo si Eichmann, isa sa pinaka mataas ang pinag-aralang kalalakihan sa mundo. At pinapatay niya, ang anim na milyong bata’t mga kababaihan at kalalakihan, anim na milyong kaluluwa. Di ba hindi n’yo naman itinuturo ang mga tao sa taong katulad nun.

<sup>100</sup> Hayan nga na may hamak na tao na hindi makabasa, halos, marahil mali-mali ang nababanggit na pangalan sa Biblia, at, o may nasasabing kung anong bagay o may nagagawang kung anong mali, o nagkakamali, hayan nga ang mga diyaryo na isulat ’yun kaagad kung saan-saan, at sasabihin, “Hindi sila mapagkakatiwalaan.”

<sup>101</sup> Kung hindi sila mapagkakatiwalaan, bakit ang edukasyon, itong mga bagay na ito at mga intelektuwal na mayroon sila sa panahon ngayon ay mapagkatiwalaan ba? Tingnan n’yo na lang si Adolf Hitler. Tingnan n’yo na lang ang mga utak sa sanlibutan ngayon. Tingnan n’yo sila. Sabi ng lumang kasabihan, “Ang sarsa para sa gansa ay para rin sa isa pang gansa.”

<sup>102</sup> Ang bagay nga na dapat n’yong gawin ay ang magkaroon ng kakayahan, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na ihiwalay ang tama at mali, at tukuyin ang tama at mali.

<sup>103</sup> Ngayon, nalaman natin na ang Kalbaryo na ito na mayroon sila, at ang mga tubig ng buhay na bumuhos para sa mga tao.

<sup>104</sup> Ngayon, inaakala ng mga tao sa puso’t isipan nila, na matapos na uminom ang buong Israel, ay haya’t inimpake na nila ang kanilang mga kamelyo at nagkabit na ng mga lubid sa kanilang mga kabayo, at iba pa, at dinala na ang kanilang mga anak at naglakbay na patungo sa kung saang dako, at iniwan ang Bato na ’yun doon, na pumapatak. Mali po.

<sup>105</sup> Ang Bato na ’yun ay nakasunod sa kanila, at nakasunod sa kanila ang tubig na ’yun. Ngayon sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-10 kabanata, sa palagay ko, at sa ika-11 talata,

mahamanap n'yo 'yun dun, na “Nakasunod ang Bato na 'yun sa Israel.” Saanman sila magtungo mula noong araw na 'yun, ang Bato na 'yun ay kasa-kasama nila, at nakasunod sa kanila ang mga tubig.

<sup>106</sup> Isa mismong magandang tipo, at isang—isang magandang paghawak at isang angkla para sa mananampalataya sa panahon ngayon, na malaman na ang Bato na 'yun na minsang hinampas, ang Tubig na 'yun na minsang bumuhos mula sa Kalbaryo, ay kasa-kasama natin saanman tayo naroon! Oh, ang ganda! Hindi nga 'yun nagpapaiwan sa kung saang lugar, at sasabihin, “Buweno, nagkaroon tayo ng Tubig noong isang araw bago ang kahapon, sa dakong 'yun doon.” Mayroon po tayong Tubig ngayon, dito mismo, dahil ang Bato na 'yun ay si Cristo! At si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>107</sup> Kita n'yo, nakasunod ang Bato na 'yun sa Israel. Hindi sila ang sumusunod dun sa Bato, bagkus ang Bato'y nakasunod sa kanila. Amen. Nagtungo sa paglalakbay nila ang Israel. May isang bagay lang naman sila na dapat gawin, 'yun ay, tumahak mismo sa diretsong daan, diretso mismo sa lupang pangako. At 'yung Bato at tubig ay nakasunod sa kanila.

. . . ang *Bato* na nakasunod sa *kanila*: . . .

Yan mismo ang sinasabi sa inyo ng Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-10 kabanata. Sige po.

. . . ang *Bato* na *iyon* ay si *Cristo*.

<sup>108</sup> Kinuha ng Diyos ang mga kahatulan sa mga tao at inilagay ang mga ito kay Cristo, at hinampas Siya. Napansin n'yo ba, may biyak doon sa Bato, mula nung sandali na 'yun? Ang Bato ay may biyak mismo, kung saan hinampas ni Moises. At si Cristo ay may biyak, noong Siya'y hampasin, “Nasugatan Siya dahil sa ating pagsalangsang, at sa Kanyang mga latay tayo'y pinagaling.” Mula sa Buhay na 'yun ay nanggaling ang Mga Tubig ng Buhay na tinatamasa natin ngayon!

<sup>109</sup> Ngayon, para makuha ang Buhay na ito, alalahanin n'yo, ang Buhay ni Cristo ay nananatili sa Iglesya. Hallelujah! Oh, kung maiaangkla lamang natin ang ating mga pag-iisip doon sa susunod na sampung minuto! Hindi iniwan ni Cristo ang Iglesya. “Ako'y kasama ninyo sa tuwina, maging sa katapusan man ng sanlibutan.” Ang mga tao ang nang-iiwan kay Cristo, hindi si Cristo ang nang-iiwan sa mga tao. Iniiwan Ito ng mga tao, dahil sa kanilang di-pagsampalataya. Iniiwan nila si Cristo, hindi si Cristo ang nag-iiwan sa mga tao.

<sup>110</sup> Ang Israel ang nang-iwan sa dumadaloy na tubig, hindi ang dumadaloy na tubig ang nang-iwan sa Israel. Kita n'yo? Dahil, klarong sinasabi mismo ng Biblia 'yun, “Nakasunod ang Bato at ang tubig sa Israel.” Nakasunod sa kanila! Saanman sila magpunta, Ito'y nagpupunta, rin.

111 Oh, gusto ko nga, sa umagang ito, kung may oras lang tayo, na bumuklat sa unang kabanata ni Josue, kung saan sinabi Niya roon, “Saanman umapak ang talampakan ng inyong paa, ibibigay Ko sa inyo. Saanman kayo magtungo, ang Panginoon ninyong Diyos ay kasama ninyo. Huwag ninyong katakutan ang sinumang tao. Magpakatampang kayo! Saan man aapak ang inyong paa, Ako’y kasa-kasama ninyo, kahit na saan pa ito.” Ang Diyos nga’y kasa-kasama ni Josue!

112 Ang siya ring Diyos na ito’y kasama ng Kanyang Iglesia sa umagang ito. Tayo po’y uminom lamang mula doon sa Bukal na ito. Saanman kayo umapak, naroon nga ang Diyos kasama n’yo, para magbigay ng tubig at bigyan kayo ng Buhay. “Ako’y kasama ninyo sa tuwina, maging sa katapusan man ng panahon.” Si Cristo’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang mga batas ng Diyos.

113 Ngayon sasabihin n’yo, “Kung ganoon, Kapatid na Branham, bakit hindi natin nagagawa ang mga bagay na dapat nating gawin? Bakit po ang ating mga kaloob at mga bagay sa iglesia’y hindi humahantong sa husto nitong kulay, sa kung saan dapat ito? Bakit po ang ating iglesia’y hindi umaangat sa dako sa kung saan dapat ito?” Ang mga tao, noong panahon ng pagsubok, ay nalihis gaya ng nagawa noon ng Israel. Inisip kasi nila na iniwan sila ng Diyos.

114 Pero, alalahanin n’yo, hindi kailanman iniwan ng Bato na ’yun ang Israel. Iniwan ng Israel ang Bato na ’yun, nakalimutan nila na ang Bato na ’yun ay kasa-kasama pala nila sa lahat ng oras. Nandun ’yun lagi, tumugaygay kasama nila hanggang sa dulo ng daan. “Ito’y nakasunod sa kanila.” Hindi nga ’yun lalayo na lampas sa layo na di na makakausap. Hindi nga ’yun lalayo na lampas sa layo na hindi na maririnig pa. O, hindi ’yun lalayo na lampas sa layo na hindi na makikita pa.

115 At ganoon din si Cristo! Sa Iglesia sa panahon ngayon, hindi Siya lalayo na di na makakausap. Kahit ilan sa inyo na mga tumalikod, at nakagawa ng pagkakamali, at naiwaglit ang kagalakan, at ang Tubig n’yo ay natuyo na. Siya’y nasa distansya lamang na makakausap n’yo. Nakasunod Siya sa inyo. Alam Niya ang bawat kilos na ginagawa n’yo at lahat ng ginagawa n’yo. Nananabik Siya na marinig na tawagin n’yo Siya sa eksena.

116 At itong dakilang pentecostal na pagkilos sa panahon ngayon, ang Diyos ay naghihintay na tawagin n’yo Siya sa eksena. Hindi nga kayo nasa labas ng layo ng pagsasalita sa Kanya. Gayong tayo’y nakagawa ng mali, at nagkasala, at tumalikod pa nga sa Kanya, at—at nakagawa ng mga bagay na di dapat natin ginawa, pero hayag nga na Siya’y kasama natin. Sinabi ni Cristo na Siya’y magiging kasama natin.

117 Sinabi ng Biblia, “Nakasunod ang mga tubig sa mga anak ni Israel.” Kapag nauuhaw sila, alam nila na malapit lang ang tubig.

118 Ngayon, ang mga bagay na ito’y kontrolado ng mga batas. Ang buong sistema ng Diyos ay isinaayos sa pamamagitan ng mga batas. Ngayon kunin lamang natin. . . Sige’t huminto muna tayo rito pansumandali.

119 Kunin na lamang nating halimbawa ang mundo. Ito ay umiikot, kada dalawampu’t apat na oras ay kinukumpleto nito ang isang rebolusyon, ganoong kaganap, na. . . Wala tayong kakayahan, sa kabila ng lahat ng ating siyensya, na makagawa ng relo na makapagsasabi ng perpektong oras mismo. Paminsan-minsan, ang pinaka maiinam na mga relo na nagawa nila, sa takbo ng isang taon, ay sosobra o magiging atrasado nang maraming minuto. Pero ang mundo nga’y hindi pumapalya’t saktong-sakto mismo hanggang sa pinaka segundo. Ganoon na lamang kaperpekto ’yun na ang mga siyentipiko sa panahon ngayon, masasabi sa inyo ng mga astronomo, na sa loob ng dalawampung taon mula ngayon o limampung taon mula ngayon, kung kailan eksakto poposisyon ang araw at ang buwan sa isa’t isa. Sa pag-inog nito sa dalawampu’t apat na oras na pagsirkulo, at sa pag-ikot nito sa oras na ’yun ng pag-inog sa isang partikular na panahon, hindi nga ito pumapalya ni isang tik-tak. Hallelujah! Ganap na ganap mismo, dahil tumatakbo ’yun batay sa batas ng Diyos.

120 Alam nila nang eksakto kung kailan bababa ang tubig, sa pinaka minuto, dahil alam nila kung kailan lulubog ang buwan. At itinalaga na noon pa ng Diyos ang lahat sa kaayusan sa pamamagitan ng batas. At kapag ang buwan nga’y bababa, kasamang bumababa ang tubig. Kapag ang buwan nama’y pumapaitaas, kasama ang tubig na tumataas din. At alam nila mismo, sa pag-ooras, kung kailan lulubog ang buwan. Nagagawa nilang ilagay ’yun agad sa almanac na kalendaryo nang maraming taon bago pa ito mangyari, at sasabihin sa inyo agad, hanggang sa pinaka minuto mismo, kung kailan mag-uumpisang bababa ang tubig. Tunay nga, dahil sa ganoong paraan lumulubog ang buwan, dahil ’yun ay itinalaga na noon pa sa kaayusan ng batas ng Diyos.

121 Nakatayo ako, nung isang araw, sa may Lake Michigan. At nagpunta ako roon sa Lake Superior, sa daan ko papuntang Canada, na isang malaking katubigan. At tumayo ako roon, at sa isip-isip ko, “Ilang milya kayang kalapad itong malaki’t diretsong tubig na ito rito!” At nung makalampas na ako sa Mich- . . . o Lake Superior, sumapit nga ako sa Michigan, na halos kasing laking katubigan din. At papunta roon, mula Lake Superior papuntang Lake Michigan, mula Lake Michigan papuntang Lake Ontario, at sadya ngang. . . at Huron, at lahat ng mga lawang ito kapag pinagsama-sama. Ilan kayang bilyong



makabilyong makabilyon, at di mabilang na bariles ng tubig-tabang ang naroon mismo sa lawa na 'yun!

<sup>122</sup> At doon naman sa Nevada, at sa Arizona, New Mexico, Kanlurang California, ang naroon naman ay hekta-hektaryang tuyo't, nakabilad mismong lupain. Na matataba na lupa naman, na kung ang tubig doon ay makakarating lang sana sa mga lupain na 'yun, ang bansa ngang ito'y mapapakain nito ang buong mundo, wala nang tao ang magugutom pa, at may sobra pang maibabalik sa dagat. Ganoon nga! Milyun-milyong hektarya mismo na makakapagpatubo nang tonelada't milyong tonelada mismo ng mga patatas at repolyo, at mga patani at— at letsugas, at mga labanos at kintsay, at mga pipino, at kung anu-ano pa. Pauusbungin 'yun ng lupa, ito nga'y—ito nga'y nangangailangan lang ng tubig.

<sup>123</sup> At heto nga sa dako rito *narito* ang tubig, at heto naman ang lupain sa dako *rito*. Ngayon nakikita natin ito, at nalalaman natin na kakayanin nitong gawin 'yun, dahil sinuri natin ang tubig at nakita nating tubig-tabang 'yun, at sinuri ang mismong lupa't nakita na mataba 'yun. Ngayon, lahat ng paghaharinawa'y magagawa natin, pero hindi 'yun maisasakatuparan sa ganoon. Pero, mayroon ngang batas, at ang batas na 'yun ay grabitasyon. Ngayon, kung kikilos tayo batay sa grabitasyon, magagawa nating tubigan ang bawat lupa, makukuha natin ang tubig mula sa mga lawa at matutubigan 'yun. Pero kinakailangan nating kumilos ayon sa batas ng grabitasyon. Hindi natin 'yun madadaan sa harinawa. Hindi natin 'yun madadaan sa pagsigaw roon. Hindi natin 'yun madadaan sa paghiyaw roon. Kinakailangan natin kumilos ayon sa mga batas ng grabitasyon, para mapapunta natin 'yun doon. Inilalagay ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa batas.

<sup>124</sup> Heto, iniisip ko nga, di ko lang po alam kung nabanggit ko na ito sa inyo noon, o hindi pa. Nasa Kentucky ako noon, nangangaso ng squirrel, kasama si Kapatid na Wood, mga isang taon na ang nakararaan. At kami . . . Kakaunti nga noon ang mga squirrel, at kaya nagpunta kami sa bahay ng isang tao, para magpaalam kung puwede bang mangaso. Yung lalaking 'yun ay may ilang hektarya ng lupain, at sa lupang ito ay napakaraming mga punongkahoy. Mangyari nga na sinabi sa akin ni Kapatid na Wood, na, "Ang lalaking ito ay isang hindi naniniwala sa Diyos. Isa siyang—isa siyang di-mananampalataya." Haya't nabanggit niya na kakilala niya ang tao, haya't siya . . . o ang tatay niya ang nakakakilala dun sa tao, nagtungo nga siya roon at humingi ng pahintulot para makapangaso.

<sup>125</sup> Nagmaneho kami papunta sa lugar na ito nung lalaki. At siya at isa pang lalaki dun, kapwa sila nasa sitenta anyos na, nakaupo sila sa ilalim ng isang puno ng mansanas. At lumapit si G. Wood sa lalaking ito, at ang sabi niya sa kanya, "Maaari ba akong makapangaso nang kaunti sa lugar mo?" At sabi nung

lalaki, “Buweno,” sabi niya, “ayos lang.” Sabi niya, “Sa anong Wood ka nga uli? Ikaw ba’yung anak ni Jim Wood?”

Sabi niya, “Ako po.”

<sup>126</sup> Sabi niya, “Buweno, si tandang Jim ay matapat, at kung ano pa.” Sabi niya, “Sige’t makapapangaso ka saan mo man gusto, dito sa lugar ko. May *nasa* daan-daang hektarya ako, sige gawin mo lang. Magpunta ka roon sa mga talibis, saan mo man gusto. Maging kumportable ka lang.”

<sup>127</sup> Nakaupo ako noon sa loob ng sasakyan, dahil iniisip ko na ang isang mangangaral at ang isang taong walang kinikilalang Diyos ay hindi mainam kung magsasama, lalo na’t humihingi kami ng pabor sa isang hindi naniniwala sa Diyos.

<sup>128</sup> Pagkatapos hindi katagalan, sabi ni Kapatid na Wood, “Buweno, ngayon, puwede ko bang isama ang pastor ko? Sa palagay ko naman ay ayos lang na makasama ko siya.”

<sup>129</sup> At ang matandang lalaki’y bumaling hawak-hawak ang tungkod niya, at ang sabi niya, “Wood, sinasabi mo ba sa akin na nagpakababa ka na masyado, na anupa’t nagsasama-sama ka pa ng mangangaral saan ka man magpunta?”

<sup>130</sup> At ganoon na nga’t, naisip ko, matapos ’yun, na siguro’y mainam na bumaba ako ng sasakyan. Kaya bumaba na ako ng sasakyan, at nakipag-usap sa matandang ginoo nang ilang minuto. At ipinaalam niya agad sa akin na wala ngang silbi ang mga mangangaral para sa kanya, dahil iniisip niya na nagsasalita lamang ang mga mangangaral tungkol sa bagay na hindi nila nalalaman kung ano mismo.

<sup>131</sup> Sabi niya, “Ngumangawa-ngawa lang sila ng kung anu-anong bagay na maski sila’y di nila nalalaman kung ano ’yun. Buweno,” sabi niya, “kapag may tao na kakausap sa akin, ang gusto ko ay’yung alam ng taong ito ang sinasabi niya.” Ngayon, makatuwiran nga naman ’yun. Makatuwiran mismo. Sabi niya, “Ngayon, kung may tao na kakausap sa akin, hindi ko gusto na magsasalita siya ukol sa kung anong bagay na *kung ano*, na sapantaha lang na di niya alam ang sinasabi niya. Ang gusto ko’y magsasalita siya ukol sa bagay na nalalaman niya talaga kung ano ang sinasabi niya.” Buweno, nirerespeto ko’yung ganun. Nirerespeto ko’yung ganoon nung matandang ginoo.

<sup>132</sup> At kaya ang sabi ko, “Buweno, mainam po, ang bawat isa nama’y may sariling opinyon.”

<sup>133</sup> At ang sabi niya, “May isang mangangaral na nagpunta rito sa lugar na ito, mga ilang taon na ang nakararaan, na nagdaos ng pagtitipon sa may Acton.” Tapos sabi niya, “Itong mangangaral na ito, isang gabi, siya nga’y dayo sa lugar na ’yun, ang sabi niya sa isang—isang ginang na nakaupo sa mga dumalo roon, ‘May panyo ka sa iyong bulsa. At ikaw si Gng. *Ganito-at-ganoon*. At may kapatid na babae ka na may sakit na naroon sa burol

dito. Ang pangalan niya ay *Ganito-at-ganoon*. Malapit na siyang mamatay, dahil sa kanser sa kanyang tiyan.' Tapos ang sabi, 'Iuwi mo ang panyo na 'yan at ipatong sa kapatid mong babae, at sabihin mo sa kanya, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi siya mamamatay, bagkus ay mabubuhay.'"

<sup>134</sup> Sabi nung lalaki, "Ang babaing 'yun ay kaibigan namin." Tapos sabi, "Dinala namin ang babaing ito . . . Itong panyo ngang ito roon; o itong lalaki, sa taong 'yun." Unang-una pala'y ang sabi niya, "Ang babaing ito, ang asawa ko't ako ay naroon noong umagang 'yun at naghatid dun, inasikaso namin ang babaing ito. At kalunus-lunos ang kalagayan niya! Sinukuan na siya ng mga doktor, matagal na. Ganoon na lamang kalunus-lunos ang kalagayan niya na kinakailangan naming buhatin siya habang nasa kumot siya, iaangat siya at lalagyan ng arinola sa ilalim niya, tapos ibabalik. Iaangat siya gamit 'yung kumot, ganoon siyang kalala." Sabi nung lalaki, "Isang gabi, sa dako roon, may umalingawngaw na ingay na aakalain mo namatayan sila roon."

<sup>135</sup> Nandiyan nga si Ben, dala 'yung panyo na 'yun, dinala 'yun doon noon. Sa palagay ko ay ikaw nga 'yun, hindi ba, Ben? [Sinasabi ni Kapatid na Ben, "Amen. Amen."—Pat.] Si Kapatid na Ben nga 'yun na nandiyan, na kinuha ang panyo na 'yun, dahil siya ang naghatid doon sa babae na 'yun.

<sup>136</sup> Tapos sabi, "Noong kinaumagahan na, ang babae'y kumakain na ng piniritong mga apple pie." Tapos sabi, "Hindi lang ginagawa ng babaing ito ang gawain niya, bagkus ginagawa na rin niya pati 'yung trabaho ng kapitbahay niya. Ganoon siyang gumaling nang maigi!" Sabi nung lalaki, "Ngayon lagi ko ngang iniisip. Kung makita ko lamang ang mangangaral na 'yun, alam na alam nga niya ang sinasabi niya," sabi, "Gusto kong—gusto kong makausap siya."

<sup>137</sup> Tumingin sa akin si Kapatid na Wood, at tumingin din ako sa kanya. Habang nakatayo ako roon, na marumi, at pinagpapawisan at marungis, may katagalan na kaming naglulumagi sa kakahuyan, at—at may tilamsik pa kami ng dugo ng squirrel. At kaya ang sabi ko, "Buweno," sabi ko, "ang . . . Ang ibig mo po bang sabihin ay gusto mo pong makausap ang lalaking ito at para masabi niya sa iyo kung papaano niya nagawa 'yun?"

Sabi niya, "Ganoon, po, 'yan ang ibig kong sabihin."

Sabi ko, "Buweno, mainam 'yan—mainam 'yan."

<sup>138</sup> Kumakain ako noon ng isa sa mga mansanas niya. May mga dumadapong maliliit na dilaw na mga bubuyog sa mga 'yun, alam n'yo, panahon kasi ng taglagas noong taon na 'yun, Agosto. Mangyari nga na hawak-hawak ko 'yung munting mansanas, at kinagatan ko na 'yun. At sabi ko, "Napaka inam na mansanas nito." Sabi ko, "Gaanong katagal na po ang puno na 'yan diyang?"

139 “Oh,” sabi niya, “ako mismo ang nagtanim n’yan diyan, tatlumpu o apatnapung taon na ang nakararaan, o parang ganoon.”

140 “Ganoon po, pala.” Sabi ko, “Gusto po kitang tanungin ng isang katanungan.” Sabi ko, “Papaanong nangyayari... Nakikita ko ang mga mansanas na naglalalagan mula sa puno na ’yun, at pati ’yung mga dahon nito’y nalalagas na rin, at heto nga ito na nasa kalagitnaan pa lang ng Agosto.” Tapos sabi ko, “Hindi pa nga pumapasok ang taglamig, wala pa tayong niyebe o kung ano, at sa kabila nun ay naglalalagan ang mga dahon mula sa puno. Bakit po kaya ganoon?”

Sabi niya, “Umalis na kasi ’yung dagta doon sa puno.”

“Oh,” sabi ko, “saan naman po nagpunta?”

Sabi niya, “Bumaba sa mga ugat.”

Tapos sabi ko, “Kung ganoon po’y gaanong katagal itong mananatili sa ibaba roon?”

Sabi niya, “Hanggang sa mag-tagsibol.”

141 Tapos sabi ko, “Kung ganoon ay manunumbalik ito, at mag-uusbong na naman ng mga bagong dahon panglilim, bagong mga mansanas para kainin.”

Sabi niya, “Tama. Ganoon nga mismo.”

142 Sabi ko, “Buweno, may gusto sana akong tanungin sa iyo, ginoo. Nabanggit mo ang mga taong ito na hindi nila alam ang sinasabi nila.” Sabi ko, “Maipapaliwanag mo ba sa akin kung anong klaseng Katalinuhan ang makakapagpabunsod sa dagta na umalis ng puno? Kung mananatili ’yun sa buong taglamig, ang puno ay mamamatay. Papatayin mo ang puno. Ang binhi ng buhay ay naroon nga sa dagta.” Kaya sabi ko, “Papatayin nun ang puno. Ano kayang Katalinuhan ang nagbubunsod dun sa dagta na umalis nung puno, bumaba sa mga ugat, at manatili dun hanggang sa mag-tagsibol, at pagkatapos ay babalik muli paitaas at magbubunga ng maraming mansanas?” Sabi ko, “Maglagay ka ng tubig sa isang balde at itabi mo ’yun sa isang poste, at tingnan mo kung, sa Agosto, ay bababa ’yun hanggang sa ilalim ng poste at manunumbalik paitaas sa panahon ng tagsibol. Kita mo?” Sabi ko, “May kung anong batas nga, may batas ng kalikasan mismo. May Katalinuhan na nagtalaga nung batas na ’yun na umiral. Hindi lang ’yun, pero ang siya ring Katalinuhan na ’yun ay marapat lamang na pairalin ang batas na ’yun, na nagpapababa nun sa ugat ng puno, at pinapanumbalik.”

Sabi niya, “Hindi ko ’yan kailanman naisip.”

143 Sabi ko, “Magagawa mo ba... Kung matuklasan mo kung anong Katalinuhan ’yun na nagbubunsod sa dagta na kumilos mula sa mga sanga ng puno, tapos bababa roon sa mga ugat at manunumbalik, ’yun po ang siya ring Katalinuhan na nangusap

sa akin doon noong gabi na 'yun, 'Humayo ka, ilagay mo ang panyo na 'yan sa babae.'

Sabi niya, "At ikaw pala ang mangangaral na 'yun?"

Sabi ko, "Siyanga, po, tama po."

<sup>144</sup> Nung nakaraang taon bumisita ako (siya po'y pumanaw na), at nung mga sandali na 'yun ay nakaupo sa may balkonahe ang kanyang balo, nagtatalop ng mga mansanas, mula sa siya ring puno. Kapatid. . . Nung una nga ay papaalisin sana kami, hindi nila kasi kilala kung sino kami. Tapos lumapit ako at sinabi ko sa kanya ang tungkol dun, na may pahintulot kami mula sa kanyang asawang lalaki. At naikuwento ko 'yun, sabi niya, "Buong-buong ipinagtapat niya ang buhay niya kay Cristo bago siya mamatay."

<sup>145</sup> Kita n'yo, ano ngang mayroon sa punong 'yun, ano bang Katalinuhan ang nagpababa roon? Isa 'yung batas. Isa 'yung batas na itinalaga mismo ng Diyos sa kaayusan. At ang batas na 'yun ay batas ng Diyos na aasikaso sa nasasakupan na 'yun. Amen.

<sup>146</sup> Alam n'yo, hindi ko alintana kung gaano man kayong kalakas na magdedeklara, at sasabihin—sasabihin ngayon, "Hindi mangyayari, ang araw ay hindi sisikat sa tag-init." Sisikat at sisikat ito, ano't anuman. Kahit na gaano n'yo pang ipagpilitang sabihin, "Hindi ko—hindi ko—hindi ko papayagan na dumating ang gabi." Darating at darating, mismo. Dahil itong bagay na kinabubuhayan natin, na tinatawag na mundo, ay kontrolado ng batas ng Diyos.

<sup>147</sup> Ngayon, mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae, gusto kong tanungin kayo ng isang bagay. Mangyari, na kung tayo'y ipinanganak na muli ng Espiritu ng Diyos. . . Ang Diyos nga'y walang mumunti't mahihinang bahagi at malalaki't malalakas na bahagi, Siya ay ganap na Diyos mismo! At kung mayroon kayong sapat na Diyos sa inyo, na kahit Ito pa'y halos gaanino na lang, sapat 'yun na kapangyarihan para lumikha ng bagong mundo. Sapat na kapangyarihan 'yun para lumikha ng bagong buwan at bagong mga planeta. Ang Diyos kasi 'yun, at malakas ito! At ngayon mismo bawat mananampalataya na narito ay may Buhay na Walang Hanggan, na, ang Espiritu ng Diyos na nasa inyo; sapat na Kapangyarihan 'yun para buhayin ang mga patay, na pagalingin ang mga maysakit, na ayusin ang mga pag-inog sa tamang kalalagayan. Pero kayo, kinokontrol ito ng batas, ng Espiritu na 'yan na nasa inyo. Kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Ang siya ring Espiritu na kamit n'yo, ay magbabangon mismo sa sarili n'yo sa araw ng pagkabuhay na mag-uli.

<sup>148</sup> Si Jesus, noong narito Siya noon sa lupa, noong mamatay Siya, ang Kanyang kaluluwa ay bumaba roon sa Impyerno, "at nangaral sa mga espiritu na naroon sa bilangguan, ang

mga kaluluwa na nasa bilanguan, na hindi nagsipagsisi sa pagpapahinuhod noong mga araw ni Noe.” Ang katawan Niya ay pumaroon sa libingan. Pero bago Siya mamatay, itinagubilin Niya ang Kanyang Espiritu sa mga kamay ng Diyos. Ang Espiritu Niya’y nagtungo sa Diyos; ang Kanyang kaluluwa ay nagtungo sa Impyerno; at ang Kanyang katawan ay pumaroon sa libingan. At hinihimpil si Jesus mula sa pagkabuhay na mag-uli hanggang sa ang Kasulatan ay matupad. Hindi Siya maaaring bumangon agad, dahil kinailangan Niyang manatili sa libingan nang tatlong araw at gabi. Pero noong ang Kasulatan ay kumpleto nang natupad, ang pumipigil na iyon ay inalis; ang Kanyang Espiritu ay bumaba sa Kanyang kaluluwa, ang Kanyang kaluluwa sa Kanyang katawan, at Siya’y bumangong muli.

<sup>149</sup> At kapag tayo’y mamatay, ang ating kaluluwa ay tutungo roon sa ilalim ng dambana ng Diyos; na ako’y nagkaroon ng pribilehiyo na makita, ilang umaga pa lang ang nakararaan, gaya ng nalalaman n’yo, sa isang pangitain, kung saan ipinangusap mismo ng Biblia, “Ang ating mga espiritu ay tutungo sa Diyos Na nagbigay nito, at ang ating mga katawan ay babalik sa alabok ng lupa.” Pero balang araw, kapag ang Kasulatan ay matupad na, ang ating mga espiritu ay pakakawalan mula sa Diyos, kukunin ang kaluluwa, at ang kaluluwa’y tutungo sa katawan. At ang Kapangyarihan na magbabangon sa atin, ay nandito na mismo sa atin ngayon! Tayo ngayon ay nasa Makalangit na mga dako. Nandito na tayo ngayon sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli.

<sup>150</sup> Kung walang batas ukol roon, ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos ay gagawa para sa kanila ng isang mundo rito at mamumuhay ng kanya-kanyang buhay roon. May kamit kayong Kapangyarihan sa inyo na gawin ’yun. Maski gaanino man ng Kapangyarihan ng Diyos ang nariyan sa inyo, may Kapangyarihan ka ngang taglay para gawin ito. Ang Diyos ay pinaka makapangyarihan. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Yang Kapangyarihan na nariyan sa inyo ang magbubunsod n’yan. Magagawa mong salitain mismo ang mundo’t iiral at makakapamuhay kayo roon. Hallelujah! Hayan nga.

<sup>151</sup> Ganyan ang Kapangyarihan na nasa Iglesya ngayon, pero ito’y kinokontrol ng isang batas. At ang batas na ’yan ay hindi “pagsunod sa ilang mga kautusan.” Ito’y batas ng pananampalataya. Sinabi ni Jesus, “Lahat ng mga bagay ay ipangyayari sa kanila na sumasampalataya.” At kung masasampalatayanan n’yo itong, anuman na ipinanguna ng Diyos sa inyong kaluluwa na sampalatayanan, ’yun ay inyo. Bawat dako na apakan ng talampakan ng inyong paa, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ibibigay mismo sa inyo ng Diyos. Amen! Sa inyo ’yun, pagmamay-ari n’yo ’yun, kung

masusumpungan n'yo lamang ang susi na ito sa batas ng pananampalataya na siyang magbubukas nun sa inyo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang Kapangyarihan na 'yun ay kinokontrol sa pamamagitan ng. . . Kung kayo'y isang anak na lalaki ng Diyos, kung kayo'y anak na babae ng Diyos, hindi 'yun mawawaglit sa inyo. Naroon 'yun sa inyo sa tuwina. Pero, napapalayo lang ang sarili n'yong pananampalataya mula Rito, pero ito nga'y naroon pa rin. Hallelujah!

<sup>152</sup> Kapag kayo'y ligtas, nagkakaloob ang Diyos sa inyo ng pananampalataya para bumangon mula sa putik ng lupa. Pinagtatagumpayan ng inyong pananampalataya ang mga bagay ng sanlibutan. Ano ba ang inyong pananampalataya? Ang pananampalataya n'yo ay nasa pagkilos na 'yun na ginawa na ng Diyos sa inyo, para ibunsod kayo na maging anak ng Diyos. Itinitigil n'yo na ang pagsisinungaling, itinitigil n'yo na ang pagnanakaw, itinitigil n'yo na ang inyong pag-iinom ng alak, dahil ang pananampalataya n'yo ay iniaangat kayo sa ibabaw nito. Amen. Kung hindi n'yo 'yan ginagawa, wala kayong anumang pananampalataya. "At sa pamamagitan ng pananampalataya kayo ay naligtas, at ito'y sa pamamagitan ng biyaya."

<sup>153</sup> Kung gaano kalaki ang pananampalataya na lumalabas sa inyo, ganoon din kalaki ang Kapangyarihan na tinataglay n'yo, dahil sa inyo'y nananahan ang Kapangyarihan para likhain ang Kalangitan at lupa. Ang Diyos ay nananahan sa inyo, at kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Amen! Hayan nga. Pero, ang pananampalataya n'yo 'yun. Sinabi ni Jesus, "Batay sa inyong pananampalataya, iyon nga'y mapangyari sa inyo. Kung kayo ay makasampalataya, lahat ng mga bagay ay ipangyayari. Katotohanan, sinasabi Ko sa inyo, kung sabihin n'yo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-aalinlangan, bagkus ay mananampalataya sa bagay na inyong sinabi!"

<sup>154</sup> Kaya anong uri ba ng tao, dapat tayo, na may kamit na pananampalataya sa dakilang nagtutubos na Cristong ito na nabubuhay sa kalooban natin, ang hinampas na Batong ito na hindi kailanman iniwan ang iglesya? "Ako ay kasama ninyo sa tuwina, maging sa katapusan man ng mundo," ang palagiang-Presensya na dakilang baha ng kaligtasan at Kapangyarihan na ibinuhos mula sa Kalbaryo patungo sa Iglesya, ang palagiang-Presensya ng nabubuhay na Diyos, ang dakilang pag-agos, ang hinampas na Bato na kasa-kasama natin sa ating paglalakbay.

<sup>155</sup> Nawaglit ng Israel ang kanyang pananampalataya. Nalihis sila mula sa daan. Unti-unti silang nagnasa ng mga palayok ng karne. Kung nanatili lamang sana sila sa pananampalataya, at nanampalataya na dadalhin sila ng Diyos patungo sa lupain na 'yun, wala ngang bagay na makahahadlang sa kanila. Nagawa na nilang magpabuka ng mga dagat, nagawa na nilang hagupitin ng mga salot ang kanilang mga kaaway, nagawa na nilang mapako

sa likuran nila ang kanilang mga kaaway, at lumakad mismo sa lupa, at sa kabila nun ay wala pa ring pananampalataya para magpatuloy na tumungo sa pangako na 'yun.

<sup>156</sup> Taglay ni Josue at Caleb ang pananampalataya na 'yun! Sabi nila, "Tayo ay may higit na kakayahan para sakupin ang anumang bagay na darating sa harapan natin."

<sup>157</sup> Yan ang problema sa kaiglesyahan. Magagawa nating supilin ang bawat sakit. Kamit natin ang Kapangyarihan dito sa atin. Tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, walang anumang makatatayo laban sa atin. Ang tanging bagay, ay nais Niyang makasumpong ng mga tao na sasampalataya rito, na sasampalataya na ang Diyos ay gumawa na para sa inyo. Hindi kakamtin *pa lang* natin; kamit na natin mismo ngayon! At ang palagiang-nabuhay na Presensya ng Espiritu ay nasa atin. Amen! Hayan nga.

<sup>158</sup> Yan ang ibig kong sabihin sa pangungusap ko sa paksang ito sa umagang ito, *Ang Palagiang-Nariyan Na Tubig Mula Sa Bato*. Ang palagiang-nariyan na Tubig mula sa Bato ay narito na mismo ngayon, ang palagiang-nariyan na Tubig na 'yun mula sa Batong hinampas sa Kalbaryo. Noong ang Espiritu Santo'y lumabas mula sa Kanya sa Kalbaryo, na pumaroon sa Iglesya noong Araw ng Pentecostes, ang siya ring Espiritu Santo ay narito sa umagang ito. At nagkakaloob Ito sa atin ng pangako!

<sup>159</sup> Yan ang dahilan, sa paglakad ko sa harap ng mga taong may sakit, noong atasan Niya ako roon, sinampalatayanan ko ito; Diyos mismo ang may sabi! Sa ganoong paraan nangyayari ang mga pangitain; Diyos mismo ang nangako! Hindi kailanman nagsisinungaling ang Diyos.

<sup>160</sup> Sampalatayanan n'yo ito! Kinakailangan n'yong sampalatayanan ito. Marapat lamang na may kung anong Bagay roon, buksan n'yo ang taklob, buksan n'yo ang bagay na 'yun para papasukin kayo roon. Ang kailangan natin ngayon ay hindi manalangin nang higit na Kapangyarihan. Mayroon na kayong sapat na Kapangyarihan para gumawa mismo ng bagong langit. Ang kailangan n'yo mismo ay pananampalataya para gamitin ang Kapangyarihan na ito. Ang kailangan n'yo ay ang pagkontrol sa buhay na 'yan, at mamuhay nang isang maka-Diyos mismong buhay, na kung hihiling kayo sa Diyos ng anumang bagay, alam n'yo! Tayo'y may pananalig sa Diyos, ukol diyan. Alam natin, na kung susundin lang natin ang Kanyang mga Utos, Hindi Niya pipigilan ang anumang mabuting bagay mula sa atin, kung tayo'y lalakad sa Kanya. Ang Diyos ay lumalakad kasama natin. Oh, ang ganda!

<sup>161</sup> May isang bagay na lang sila na dapat gawin. May isang bagay na lang sila na dapat gawin, 'yun ay, manatiling direktso sa daan. Hindi magpalaboy-laboy na mapapadpad *dito*, at mapapadpad *doon*; bagkus ay manatili mismo sa daan! Ang



Iglesya nga'y may nag-iisang bagay lang na dapat gawin, manatili mismo sa daan! May Haliging Apoy na sila, na taglay nila, para mapanatili nila ang kanilang mga sarili sa daan sa pamamagitan ng pagsunod mismo sa Haliging Apoy. Yun ang nangunguna sa kanila. Ang bagay na pinagtutuunan nila ng paningin, ay yaong Haliging Apoy. Nakita nila Ito na kumilos kay Moises, at alam nila na siya ang tagapanguna.

<sup>162</sup> Ngayon kamit natin ang Salita. Sumusunod tayo sa Salita. At nakikita natin ang Salita na kumikilos sa mga mananampalataya, at alam natin na ganoon 'yun, mismo. Ang Diyos ay kumikilos sa atin, pinagtitibay ang Salita sa pamamagitan ng mga tanda na lumalaki! Nananatili tayo sa Salita. Ang Salita'y nagbubunsod ng mga resulta.

<sup>163</sup> Nanatili sila kasama si Moises. Dahil, ang Haliging Apoy, sinusundan Iyon ni Moises. At sila'y sumunod. Noong magsimula silang tumalikod kay Moises, at maligalig laban sa Diyos at laban kay Moises, sila nga'y nalihis sa isang dako't sa isa pa. Dumating ang mga kaguluhan. Tunay.

<sup>164</sup> Mananatili tayo sa Salita, at ang Salitang ito'y magbubunsod ng mga tanda. Sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila na mga sumasampalataya sa Salita." Kita n'yo, nananatili mismo. . . Sa pananatili n'yo sa Salita, ang Salita ay magbubunsod ng mga tanda. Pero, si Moises, anong ginawa niya?

<sup>165</sup> Lumihis sila, at anong ginawa nila? Lumihis sila sa daan, at nawaglit nila ang pinagkukunan nila ng tubig.

<sup>166</sup> Sa palagay ko ay 'yan ang nagawa ng iglesya sa panahon ngayon. Ito'y nalihis mula sa daan ng Kasulatan. Napadpad sila sa mga ismo. Napadpad sila sa mga mumunting bagay na di dapat nila ginagawa. Pinili nilang mag-implementa ng mga bagay-bagay. Pinili nilang iimplementa ang mga bagay tulad ng Credo de los Apostoles. Saan n'yo mahahanap ang ganoon sa Biblia? Pinili nilang iimplementa ang mga katesismo na pabasa nila. Pinili nilang iimplementa ang pagka-denominasyon sa halip na isang karanasan. Pinili nilang iimplementa ang pagkakamayon sa halip na ipanganak-na-muling karanasan. Pinili nilang iimplementa ang pagwiwisik sa halip na bautismo sa tubig. Pinili nilang iimplementa ang isang masamang pormula, "Ama, Anak, at Espiritu Santo," samantalang wala namang ganoon sa Biblia. Ang sabi ng Biblia, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo!" May nag-iisang bagay lang na dapat gawin kung nagnanais kayo sa siya ring Tubig na 'yun, na makabalik sa daan uli. Bumalik kayo sa . . . Hindi Siya umalis; Siya'y narito pa rin. Ang ginawa n'yo ay mas tinanggap n'yo ang mga kredo sa halip na si Cristo. Napadpad kayo sa pag-aalboroto.

<sup>167</sup> May isa na nagsabi, "Buweno, isa akong Methodist."

Ang sabi naman ng isa, "Isa akong Baptist."

Ipinapakita lang n'yan na hindi kayo Cristiano, kung ganoon. Tayo ay kay Cristo! Sa Kanya tayo.

Sasabihin n'yo, "Buweno, kung, ako, isang Baptist?"

Kung 'yan lang kayo, kung ganoon hindi kayo kay Cristo, isa kayong Baptist.

Sasabihin n'yo, "Buweno, isa akong Pentecostal."

Kung isa lang kayong Pentecostal sa bisa ng denominasyon, ganoon lang kayo.

<sup>168</sup> Pero, kung nagkamit kayo ng pentecostal na karanasan! At ang pentecostal na Salita ay magbubunsod mismo ng isang pentecostal na karanasan! Sumunod kayo sa siya ring bagay na ginawa ng mga alagad, manatili kayo roon hanggang sa puspusin kayo ng Espiritu Santo.

<sup>169</sup> At mangyari nga na kung kayo'y naging laban na sa Salita, 'yang espiritu na nasa inyo ay laban na mismo sa kung ano ang sinasabi ng Salita, kung ganoon ay hindi 'yan ang Espiritu Santo. Ang diyablo 'yan na ginagaya lamang ang Espiritu Santo. Nakikita n'yo ba kung saan tayo ipinadpad nun? Oh, ang ilan sa atin ay nagsasalita sa iba't ibang wika, may mga pagsisigawan tayo at mga bagay na gaya nun, at ang kaso'y tinanggihan ang lahat ng iba pang mga bagay na ito. Pinahintulutan n'yo ang lahat ng mga bagay na wala sa Kasulatan na pumasok sa iglesya. Saan na ngayon ang bagsak natin? Balik sa isa na namang disyerto, tuyong organisasyon. Nag-organisa tayo, at nawaglit natin ang ating Tubig. Yan mismo ang ginawa ng Pentecostal. Noong nagsimula itong mag-organisa, nagsimulang mabiyak ang pagbubuklod, at ang sinasabi na'y, "Buweno, ngayon hindi kami makikipag-ugnay, kung ang taong ito ay naniniwala sa *ganyan*."

<sup>170</sup> Puntahan n'yo siya, tabihan n'yo hanggang sa siya'y makaabot sa Salita ng Katotohanan, sa kaalaman sa Katotohanan. Anupaman 'yun, huwag n'yong pagtuunan 'yan, ano't anumang. Ang dapat n'yong pagtuunan, ay ang maging magkakapatid.

<sup>171</sup> Pero, oh, ang ginawa nati'y nag-organisa tayo, at sinasabi, "Buweno, isa ka kasing Oneness, isa ka kasing Twoness, o Threeness, o katulad *nun*, ayaw naming magkaroon ng anumang pakikipagbuklod sa inyo." Mangyari nga na kung 'yan ang gagawin natin, anong ibinubunsod natin? Dinadala lang natin ang ating sarili pabalik sa disyerto uli. Ganoon nga!

<sup>172</sup> Pero, alalahanin n'yo, noong ang Israel ay malihis sa daan, sa daan patungong lupang pangako, hindi sila iniwan nung Bato; nanatili Iyon doon, ganoon din ang tubig. Ganoon din ang Espiritu Santo, na nananatili ryan. Hindi natin kailangang maligaw pabalik.

173 Ngayon, dito'y itinuturo ng Diyos ang isang dakilang bagay. May itinuturong aral sa atin ang Diyos dito. Hinampas ng isang beses si Cristo noon, nagkaloob sa atin ng isang pentecostal na karanasan, nang minsan, para sa lahat. Ngayon, nung ang Bato ay mahampas, hindi na Ito kailangan pang hampasin muli. Minsan lang Ito hinampas.

174 Nakagawa ng pagkakamali si Moises sa paghampas Dito muli nang ikalawang beses, nagpapakita tuloy ng kahinaan sa kanyang pananampalataya sa Pagtubos. Pero noong si Cristo ay hampasin nang minsan, alam natin na hindi na Niya kailangang mahampas muli. Buweno, ano ang ginagawa ni Moises? Mistula bang may pinauumpisahan si Moises na panibago, para bang may pinauumpisahan siyang bago.

175 At ganyan din ang ginawa ng mga ministro sa panahon ngayon. Pilit silang nagpapaumpisa ng kung anong bago. "Gagawin naming Assemblies of God ang aming sarili. Gagawin naming Pentecostal Church of God ang aming sarili. Gagawin naming General Council ang aming mga sarili. Gagawin namin ang aming mga sarili na *ganito*, *ganoon*, o anong *iba pa*." Hindi ganyan ang ginawa ng Diyos. Hindi Niya 'yan ideya.

176 Si Cristo ay minsan lang hinampas. Yun ang orihinal na karanasan. Yun ang orihinal na pamamaraan. Doon noong Araw ng Pentecostes, sabi ni Pedro, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo."

177 "Nagwiwisik naman kami sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo,' nag-iimplementa ng lahat na ng mga kredo at lahat na iba pa ukol Dito." Kapag lalayo nga tayo sa Salita, hindi na nakapagtataka na wala nga tayong nararating. Kita n'yo?

178 May itinuturong aral sa atin ang Diyos. Hindi dapat sinabi ni Moises, "Ngayon sige't magpapasimula tayo ng isang bagay na bago ngayon, at mag-oorganisa tayo at bubuo tayo ng iglesyang Katoliko." Yun ang unang bagay na ginawa nila. Naku, pagkatapos pa nga, "Buweno, magpapasimula tayo ng isang bagay na bago uli mula roon, bubuo naman tayo ng Lutheran." Tapos sumulpot ang Anglican, at pagkatapos ang Baptist, at kung anu-ano pa, at mga Campbellite, at Church of Christ, at anticristo, at lahat na ng iba pa. Kita n'yo, nagsimula nga silang magsulputan lahat, susulpot ang isa at kasunod ang isa pa, susulpot ang isa at kasunod ang isa pa, nagtatatag ng mga denominasyon at mga organisasyon. Hindi dapat ganoon. Nakikita n'yo ba riyan kung ano ang ginagawa nila? Hinahampas nila muli ang Bato, para magpaumpisa ng kung anong bagay na bago. Hindi natin kailangan ng bagong doktrina.

179 Bawat tao sa Biblia ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Bawat tao sa Biblia na nakatanggap ng Espiritu Santo, ay tumahak mismo sa pamamaraan ng Diyos, nang eksakto sa

pamamaraan na ginawa mismo ng Diyos. Siya ring bagay ang ginawa nila. Siya ring karanasan ang natanggap nila. Siya ring mga tanda ang lumakip sa kanila. Siya ring mga gawa ang lumakip sa kanila. Bakit? Namuhay sila sa tabi nung Bato. Siya ring Tubig ang natanggap nila.

<sup>180</sup> At, ngayon, ang dahilan kung bakit napakarami nating mga kredo at mga denominasyon, ay dahil nagpapasimula tayo ng kung anong bagong bagay. Hindi natin kailangan ng kung anong bagay na bago. Manumbalik lang!

<sup>181</sup> Hindi dapat hinampas ni Moises ang Bato uli, para magpasimula ng bagay na panibago. Ang dapat niyang ginawa ay magsalita sa kanila, ukol sa orihinal na Bato. Oh, umaasa ako na nakukuha n'yo 'yan! Ang dapat na ginawa ni Moises ay magsalita sa orihinal, na hinampas na Bato; hindi 'yung tatangkaing hampasin uli Ito, hindi magtangkang magpasimula ng kung anong bago't ibang bagay, bagkus ay magsalita sa dati ng Bagay!

<sup>182</sup> Diyos, lingapin Mo po ako! Kung mamatay ako na isang pobre, sa pulpito, ako'y mangungusap at mangungusap pa rin ukol sa orihinal na Bato! Ako'y mangungusap ukol sa orihinal na karanasan. Ako'y mangungusap ukol sa orihinal na Mga Kasulatan na nagbigay sa kanila ng bautismo ng Espiritu Santo, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Nananatili sa atin ang palagiang-Presensya ng dumadaloy na Mga Tubig mula sa Bato. Magbubunsod Ito ng siya ring bagay. Magbubunsod Ito ng mga pangitain. Magbubunsod Ito ng mga pagpapagaling. Magbubunsod Ito ng mga pagpropesiya. Magbubunsod Ito ng bawat bagay na ginawa nila noon.

<sup>183</sup> Nung ang Israel ay makabalik sa Mga Kasulatan uli, at nakabalik sa daan, sila'y nagpatuloy sa lupang pangako. Pero inabot sila ng apatnapung taon.

<sup>184</sup> Ang Pentecostal nga'y nasa apatnapu o limampung taon na, na pagala-gala sa palibot ng ilang. Manumbalik kayo sa Bato! Haya't kitang-kita naman. Heto nga ito, nakasulat mismo rito sa Salita. Narito ang Espiritu Santo na nagpapamalas ng siya ring bagay na lagi Niyang ginawa noon, kaya ang palagiang-Presensya ng Tubig ay narito. Manumbalik lang kayo Rito, manumbalik mismo sa dati, sa orihinal. Papaano ngang masasabi na nasa orihinal?

<sup>185</sup> "Buweno, nakipagkamay ba sila sa mangangaral?" Wala pong ganoon. "Nabautismuhan ba sila sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo'?" Wala pong ganoon. Wala pong sinumang tao sa Biblia, saan man, o (sa labas ng tatlong-daang taon) sa labas ng Biblia, na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama,

Anak, Espiritu Santo.” Katolikong kredo ‘yan, hindi doktrina ng Biblia. Kita n’yo?

<sup>186</sup> Kamit nila ang Espiritu Santo. Ang mga tandang ito ay lumalakup sa kanila na sumasampalataya. Yan ang iiral mismo uli ngayon. Ang Bato na ‘yun ay palagiang-nariyan kung papaano nga ito noon, ang Batong ito na hinampas!

<sup>187</sup> Huwag natin sabihin, “Buweno, sige’t pumunta ka lang dito’t makianib sa aming iglesyang Pentecostal, umanib ka sa aming Pentecostal na mga dako.” “Hindi, dito ka pumunta’t sumapi sa Baptist, o sa Methodist, o sa Presbyterian, o sa Katoliko.” Ano ‘yun? Yun nga’y paghampas muli sa Bato, pilit na nagpapasimula ng kung anong bagay na bago.

<sup>188</sup> Ang sabihin n’yo sa kanila, “Mangagsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo,” para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, “at ang mga tanda na ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya.” Ngayon bumabalik nga kayo n’yan sa daan, pabalik mismo sa siya ring Tubig. Ang siya ring Tubig na ‘yun ay magbibigay ng siya ring kaginhawaan. Magbibigay ‘yun ng siya ring latay sa katawan. Magbibigay ‘yun ng siya ring kapangyarihan na naglilinis. Magbibigay ‘yun ng siya ring kapangyarihan na magpagaling. Gagawin nito ang siya ring bagay na ginawa Nito noon, kung tayo lamang ay makapapanumbalik sa siya ring Espiritu.

<sup>189</sup> Ang buhay na naroon sa puno ng ubas ay magbubunga mismo ng mga ubas. Kung ganoon ang ginawa nito noong nakaraang taon, siya ring bagay ang gagawin nito sa taon na ito. Yun ang batas ng Diyos. Ganoon mismo ang batas ng Diyos, kung ito’y puno ng ubas, hayaan n’yo lang, talagang magbubunga ‘yun ng mga ubas. Marahil magpapasok kayo roon ng ibang halamang buhay, pero hayaan n’yo lang at manumbalik ‘yun sa siya ring mga ubas uli.

<sup>190</sup> Nagpasok nga tayo tayo ng ibang buhay sa iglesya sa pamamagitan nitong ismong Pentecostal, ng ismong Baptist, ng ismong Methodist, ng ismong Presbyterian, ng—ng ismong Anglican, ng bawat ano pang uri ng ismo. Bakit hindi n’yo na lang hayaan ito? Manumbalik kayo sa Puno ng Ubas, manumbalik ‘yun sa siya ring Kapangyarihan. Amen! Amen! Gustung-gusto ko ‘yun.

<sup>191</sup> “Magpasimula ng kung anong bago.” Ganoon din ang ginawa natin. Hindi dapat mga pagpupumilit na ipakita ang kapamahalaan natin. “Si Doktor *Ganito-at-ganoon* ay ang nagtayo ng bantog na *Ganito-at-ganoon* na iglesya ng *ganito-at-ganoon-at-ganyan*.” Hindi po ganoon.

<sup>192</sup> Ganoon ang ginawa ni Moises, “Ipakita ko sa kanila kung anong kaya kong gawin. Magpapalabas ako, ano’t anuman!” Hinampas niya Iyon, hindi ‘yun lumabas. Sumigaw siya uli,

“Ipakikita ko kung anong kaya kong gawin!” May aksyon na ginawa ang Diyos sa kanya dahil dun.

<sup>193</sup> Huwag na huwag n’yong iisipin, na kung “makapanghahawakan lamang ako sa kung anong denominasyon.” Papanagutin kayo ng Diyos dahil diyan. Ganoon nga mismo. Kinakailangan n’yong manumbalik sa orihinal. Manumbalik.

<sup>194</sup> Mangusap lang kayo sa mga tao. (Huwag n’yong sabihin sa kanila, “Halikayo at umanib sa aming simbahan. Halikayo at usalin ang aming kredito.”) “Halikayo at manumbalik at magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin n’yo ang kaloob ng Espiritu Santo, kung ang puso n’yo ay tama. At ang mga tanda na ito ay lalaking sa kanila na mga mananampalataya. Isang grupo ng mga mananampalataya, na ang mga tanda na ito’y lalaking sa kanila.” Dahil bakit? Ang Bato, ang Batong hinampas at ang Kanyang Tubig ng Buhay ay lumalabas, ibinubunga ang siya ring bagay na ginawa Niya noon dun. Hindi nga nun mapipigil ang sarili nito. Oh, siyanga.

<sup>195</sup> Ang gusto nati’y magpakitang-gilas, at sasabihin, “Kami’y Methodist, at Baptist.”

<sup>196</sup> Mangusap lamang sa Bato, Siya’y palagiang-Presensya. Huwag n’yong ianib Ito. Haya’t “sanib” ang naisulat ko rito. Huwag n’yong ianib Ito. Hindi n’yo magagawang ianib Ito, ’yan po ang bagay na sigurado. Magagawa n’yong umanib sa Methodist, magagawa n’yong umanib sa Baptist, magagawa n’yong umanib sa mga Pentecostal, magagawa n’yong umanib sa mga Anglican, pero hinding-hindi n’yo Ito maiaanib. Hindi. Kinakailangan n’yong mapuspos Nito. Huwag n’yong ianib Ito; magpakapuspos nga kayo Rito. Yun lang. Ang mapuspos ng ano? Mapuspos ng Kapangyarihan, mapuspos ng Espiritu, mapuspos ng Buhay, mapuspos ng kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, Kapangyarihan ng Espiritu Santo sa inyong buhay, dahil ang walang katapusan na Presensya ay nariyan. Alalahanin.

Ako po’y magtatapos na dahil atrasado na.

<sup>197</sup> Pero, alalahanin n’yo, hindi sila iniwan ng Bato na ’yun. Hindi sila kailanman iniwan Nito. At hinding-hindi tayo iiwan ni Cristo; sabi ni Cristo, “Ako ay sasama sa inyo, maging sa katapusan man ng mundo.” Tama ba? At ang Bato ay nanatili kasama sila sa daan mula Horeb hanggang Nebo. Ganoon nga. Hanggang doon sa Jordan, naroon pa rin Iyon. Oh Diyos, nais kong makita Iyon sa may Jordan!

<sup>198</sup> Si Moises, noong siya’y nasa Jordan, ang Bato na ’yun ay kasama niya hanggang sa dulo. At nakatayo siya roon sa itaas, nakatanaw sa isang—isang grupo ng mga tao na tumalikod sa pananampalataya’t nawalay sa Diyos. Ang puso niya’y

masidhing nag-aasam sa kanila. At tumanaw siya sa Jordan. Naroon Siya sa Jordan. Jordan, espirituwal, ang tinutukoy ko. At naroon siya't nakatayo roon, paparating na ang kamatayan sa kanya. Pero tumingin siya, naroon nga sa tabi niya ang Bato. Humakbang siya sa ibabaw nung Bato, at dumating ang mga Anghel, kinuha siya palayo.

<sup>199</sup> “Di Ko kayo iiwan ni pababayaang man.” Kahit na gaano pang kahirap ng mga sandali, kahit patanda na tayo nang patanda, kahit ano mang kamatayan ang ikamamatay natin, alalahanin n’yo, ang Bato na ’yun ay paroroon sa Jordan. Hindi Ito mang-iiwan o magpapabayaang man. Alalahanin n’yo lang ’yan. Ang palagiang-Presensya ng Tubig mula Sa Bato ay sasama sa atin hanggang sa dulo ng buhay, at maging sa Jordan.

<sup>200</sup> Iyuko na natin ang ating mga ulo. [Isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng isang panghimok na pangangaral—Pat.]

<sup>201</sup> Habang ang Espiritu ay kumikilos sa kalagitnaan natin, habang ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa kalagitnaan natin, mayroon po ba rito sa umagang ito na hindi pa nakakakilala kay Cristo, at hindi kayo—hindi kayo malapit sa Bato na ’yun, hindi nga nakikipag-usap Dito sa umagang ito? Pero alam n’yo na narito Ito. Nakikita n’yo Ito na kumikilos sa buong dako, nakikita n’yo Siya na kumikilos sa paligid, nakikita n’yo Ito na kumikilos mismo sa mga tao. Yun ang palagiang-Presensya ng Tubig. Yun ang kaligtasan. Yun ’yung Espiritu na nagpapaapaw ng kanilang mga saro hanggang sa hindi na nila kayang manahimik pa, may bagay dapat na mangyari. At hindi n’yo Siya nakikilala, maaari n’yo bang itaas ang inyong kamay at sabihin, “Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham. Nais ko ngayon na makilala Siya. At ninanais ko na makausap Siya, at ninanais ko na makilala Siya bilang ang kapuspusan ng Kanyang Espiritu. Nais kong mabatid na Siya’y nasa tabi ko lamang, sa tuwina. Nananampalataya ako na Siya nga. Pero ninanais ko na makausap Siya mismo. At ako’y nauuhaw, at ako’y nagugutom sa Diyos. Ninanais kong makilala pa Siya nang lubos?”

<sup>202</sup> Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. At pagpalain ka ng Diyos, ginoo. At ikaw, kapatid. Ikaw, oo, diyan sa likod na likod. Dito, ang binibini, oo. Oo, binibini. Nakikita namin ang inyong mga kamay, at nakikita ng Diyos ang mga ito. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos. At ikaw, binibini. Amen. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka, kapatid na babae. Mayroon pa po bang iba, sa taimtim na sandali na ito. Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod na likod, kabataan.

<sup>203</sup> Bulayin n’yo. Bulayin n’yo, ang palagiang-Presensya ng Tubig mula sa Bato, ang siya ring Espiritu; na sumigaw Siya roon noong araw na ’yun ng kahatulan para sa Kanya, noong kunin Niya ang hatol na para sa atin. At humampas sa Kanya ang tungkod ng galit ng Diyos, at ang inyong mga kasalanan

ay ipinulupot doon sa tungkod na 'yun, at hinagupit sa Kanya, at ang Kanyang Dugo at tubig ay umagos mula sa Kanya. Ang sabi Niya, "Ama, sa Iyong mga kamay ay itinatagubilin Ko ang Aking Espiritu." At noong Araw ng Pentecostes, Ito'y dumating at sumama sa atin sa paglalakbay. At Ito'y napakalapit na mismo ngayon.

<sup>204</sup> Nais n'yo bang sabihin, "Ako'y naglimayon at lumihis palayo sa Tahanan, Panginoon, ako'y papauwi na sa Tahanan"? Habang inaawit natin ito, kung nais n'yong lumapit sa altar at magpakabanal muli, rin, sa inyong kaluluwa, ialay kay Cristo? Amen.

I've wandered far away from God, (Nalihis ng daan.)

Now I'm coming home;

The path of unbelief (Di-pananampalataya, kita n'yo.) too long I've trod,

Lord, I'm coming home.

Coming home, coming home,

Never more to roam;

Open wide Thine arms of love,

Now, Lord, I'm coming home.

<sup>205</sup> [Patuloy na inihihiging ni Kapatid na Branham ang, *Lord, I'm Coming Home*—Pat.]

<sup>206</sup> Tatlong mumunting kabataang lalaki ang lumalapit ngayon, nang mabilis, na may mga luha sa kanilang mga mata, nakaluhod ngayon dito sa gilid ng altar. Hayan nga, sila'y pinatawad. Pinatawad na sila bago pa man sila tumayo sa kinauupuan nila, noong sandali na magpasya sila sa kanilang mumunting diwa. Sila'y lumapit lamang sa harapan at lumuhod dito, para maalaman ng mga tao, kung kaninong panig sila pumapanig, sa umagang ito.

<sup>207</sup> Iniisip ko na marahil may mga matatanda rin na gagawa ng tulad nito, sadyang luluhod lamang, at magsasabi, "Panginoon, ako'y—ako'y napalayo nang husto mula sa landas. Masyado akong nag-aalinlangan, at kung minsan napapalayo ako't nasasadlak sa kasalanan. Ngayon gusto kong—gusto kong makapanumbalik bago mahuli ang lahat. Diyos, nais kong—nais kong dumulog. Nagnanais ako na dumulog at lumuhod." Amen.

<sup>208</sup> Ngayon, ang mga mumunting anak na babae ni Arthur Bean, mga magkakasing laki, heto sila't dumulog dito, lumuhod.

<sup>209</sup> Hetong dumudulog din ang isang munting batang babae na kamakailan lang ay may bagong munting kapatid na lalaki sa bahay. Noong isang araw ako po'y nakaupo; dumalaw sa akin si Gng. Wood at nabanggit sa akin, ang sabi'y ang kapatid na babaing ito ay papunta sa ospital at magsisilang ng sanggol. Ang sabi ng Espiritu Santo, "Sabihin n'yo sa kanila na lalaki." Noong ito nga'y ipanganak, isa nga 'yung sanggol na lalaki.



<sup>210</sup> Mukha ngang mga bata ang narito sa umagang ito, mga maliliit na kabataan mula sa munting klase ni Kapatid na babaing Arnold, iniaalay ang kanilang buhay. Ang buong altar, sa aking kanan, ay puno ng maliliit na bata.

<sup>211</sup> Mainam po kung maaawit natin 'yung himno na 'yun, sa altar, sa iba pa na nariyan, mga matatanda.

Now, Lord, I am coming home.

Coming home... (...?...)

Never more to roam;

Open wide Thine arms of love,

Now, Lord, I'm coming home.

<sup>212</sup> Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali, para sa pananalangin, para sa maliliit na mga batang ito.

<sup>213</sup> Makalangit na Ama, kung may paparating pang bukas, kung si Jesus ay magtatagal pa ng sampu pa o labing-lima pang taon, ang mga kabataang lalaki't mga kabataang babae na ito ang magdadala ng Mensaheng ito sa iba pang henerasyon na darating. Walang pag-aalinlangan sa isip ko, Panginoon, na anupa't sa lahat ng mga araw ng kanilang buhay ay magugunita nila ang pagdulog nila rito sa altar na ito. At sila'y mumunting mga hiyas, Panginoon. Ang bata't mura nilang mga puso ay inantig sa umagang ito. Hindi man napakinggan ang buong Mensahe; kalalabas lamang nila ng silid, galing sa pakikinig ng pagleleksyon ni Kapatid na babaing Arnold; dumulog sa may altar dito, iniaalay ang mumunti nilang mga buhay sa Iyo.

<sup>214</sup> Ngayon, Ama, katatapos ko lang mangaral na sa amin ay nananahan ang Espiritu Santo. At ang Espiritu Santong ito, ang pananampalataya na kalakip ang Espiritu na ito, ang gumagawa sa lahat ng mga bagay. At nananampalataya ako sa mismong oras na ito, na Iyong patatawarin ang bawat pagkakasala na kanilang nagawa. At hinihiling ko po sa Iyo, nang buong pananampalataya na nasa puso ko, na Iyong iingatan ang mumunti nilang buhay sa pagtahak sa daan. Nawa po'y hindi sila lumihis mula sa Daan.

<sup>215</sup> Tunay na isang kakatwang bagay po ito. Ang sabi ng Espiritu sa umagang ito, na kami'y "makakakita ng bagay na kakatwa." Diyos, kung Ikaw po'y tumigil na sa pakikipag-ugnay sa iba, tanggapin Mo po ang mga mumunting batang ito. Ganoon na lamang po na sa umagang ito, sa pagtawag sa pagdulog sa may altar, wala po ni isang matanda, bagkus ang buong grupo rito'y mga maliliit na bata na dumulog. Gayong, isa itong Mensahe na mahirap intindihin, maging sa mga matatanda, pero ang mga batang ito'y nahagip nila ang Espiritu Nito. Pinasasalamat Ka po namin para sa kanila, Ama. Itinatagubilin ko po sila sa Iyo, bilang Iyong lingkod, bilang mga tropeo sa pagtitipon na ito; para sa, paggugunita na ang palagiang-Presensya ng Tubig ng Buhay ay dadaloy kasama sila hangga't nabubuhay sila. Nawa'y

magkaroon sila ng pananampalataya ngayon sa kung ano mismo ang nangyayari, na sa Diyos na humatak sa kanila mula sa kinauupuan nila at ipinarito sila, nawa'y magkaroon sila ng pananampalataya sa Diyos na iyon sa buong mga araw ng buhay nila. Nawa'y ang mumunti nilang mga espiritu ay madala sa Iyo sa araw ng kanilang kamatayan; madala pabalik sa kanilang katawan sa araw ng pagkabuhay na mag-uli. Sila po'y sa Iyo, Ama. Itinatagubilin namin sila sa Iyo sa Pangalan ni Jesus.

<sup>216</sup> Habang nakayuko ang ating mga ulo. Tatanungin ko lang ang lahat ng maliliit na mga batang ito sa may altar, na nananampalataya na si Jesus ang inyong Tagapagligtas at ang Isa na Yaon na nangusap sa inyo, noong nakaupo pa kayo kanina, na dumulong dito at lumuhod mismo sa palibot ng altar na ito. Naniniwala ba kayo na iniibig kayo ni Jesus at pinatatawad ang inyong kasalanan? Nais kong tumayo po kayong lahat at bumaling dito sa mga nakaupo. Ganito, sa ganitong paraan n'yo masasabi sa mga tao na kayo'y sumasampalataya na iniligtas na kayo ni Jesus. Ngayon tumayo lamang po, siyanga, at tumingin lamang po sa mga nakaupo. Lahat kayo na mga mumunting batang lalaki at mga batang babae na iniibig si Jesus, tumayo kayo at bumaling lamang sa kongregasyon diyan, bawat isa sa inyo.

<sup>217</sup> Kayo naman na mga mumunting batang babae sa harapan? Sumasampalataya ba kayo? Iniibig n'yo ba si Jesus? Ang mumunting mga batang babae rito, iniibig n'yo ba si Jesus nang buong puso n'yo? Iniibig n'yo ba? Iniibig n'yo ba Siya? Iniibig n'yo ba Siya, iha? Tumayo kayo rito, ipaalam n'yo sa mga tao na iniibig n'yo si Jesus. Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>218</sup> Ngayon bumaling lang tayo sa gawi *rito* at umawit tayo para sa mga tao rito bago tayo umalis, "Si Jesus ay iniibig ako! Yan ang alam ko, sinasabi sa akin ng Biblia ito." Kita n'yo? Sige't itaas natin ang ating mga kamay habang inaawit natin ito ngayon. Buweno, sige't awitin natin.

Jesus loves me! This I know,  
For the Bible tells me so;  
Little ones to Him belong,  
They are weak . . .

<sup>219</sup> Ngayon itaas n'yo ang kamay n'yo...?...Lahat po tayo nang sama-sama:

Yes, Jesus loves me,  
Yes, Jesus loves me,  
Yes, Jesus loves me,  
The Bible tells me so.

<sup>220</sup> Ngayon lahat kayo'y ulitin n'yo ang sasabihin ko: Nananampalataya ako na si Jesus Cristo ay Anak ng Diyos. Ngayong araw na ito, tinatanggap ko Siya bilang personal kong

Tagapagligtas. Mula sa araw na ito, mula ngayon, iibigin ko Siya at paglilingkuran Siya. Amen.

<sup>221</sup> [Sinasabi ni Kapatid na Ben Bryant, “Kapatid na Branham, nasa puso ko ang aking apat na anak. Maaari mo po bang ipanalangin sila?”—Pat.] Sige po, Kapatid na Ben.

<sup>222</sup> Makalangit na Ama, nakikita ng lalaking ito ang iba pang mumunting bata na lumalapit kay Cristo, habang umiiyak siya, bilang isang ama, para kanyang maliliit na anak. At ang Espiritu na ito na nagdala sa mumunting mga bata na ito sa may altar, nawa ang siya ring Espiritu na 'yun ay iligtas ang kanyang mga anak, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob. Itinatagubilin namin sila sa Iyo, Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>223</sup> Ngayon habang kayo na maliliit na kabataan ay bumabalik sa inyong upuan, nais kong ang lahat sa hilerang ito na makipagkamay sa mga mumunting bata na ito, o tapikin sila habang bumabalik sila sa kinauupuan. Sige't bumalik na kayo sa inyong mga upuan, dumaan kayo *rito*. At lahat ng nasa hilerang 'yan ay tapikin ang maliliit na kabataan. At minamahal namin kayo nang buong puso namin. Kayo'y mga miyembro ng Katawan ni Cristo, kung papaano na Iyon ay ganoon din sa iba pa sa amin.

We're marching to Zion,  
Beautiful, beautiful Zion;  
We're marching upward to Zion,  
That beautiful City of God.

Come, we that love the Lord,  
And let our joys be known,  
Join in the song with sweet accord,  
Join in the song with sweet accord,  
And thus surround the Throne,  
And thus surround . . .

Grabeng kagiting na pag-awit 'yan! Sige't itaas na natin ang ating mga kamay ngayon.

We're marching to Zion,  
Beautiful, beautiful Zion;  
We're marching upward to Zion,  
That beautiful City of God.

Tayo po'y magkamayan lang sa isa't isa habang umaawit tayo ngayon.

We're marching to Zion,  
Beautiful, beautiful Zion;  
We're marching upward to Zion,  
That beautiful City of God.

<sup>224</sup> Ngayon tayo'y tumayo habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon, habang tayo . . . Tugtugin mo nga Kapatid na Teddy, kaunting . . .

225 May mga kahilingan ako rito, at mga panyo at iba pa. Marahil galing pa ang mga ito sa ibayong-dagat. Nabanggit sa akin ni Billy na may pares sila ng medyas mula sa isang sanggol sa Inglatera, na mga *ganitong* kahaba, ang sanggol po ay pilay. At kaya tayo ay mananalangin para sa kanya, rin.

226 At kaya...[Sinasabi ni Kapatid na Ben, “Kapatid na Branham, pasensya na po kung sisingit lang ako, pero ipanalangin din, kung sino ’yung nakabangga sa kotse namin kagabi, tumama sa kanan kong fender, ipanalangin na malaman kung sino. Ipanalangin po na ipaalam ng Panginoon.”—Pat.] Amen, Kapatid na Ben, sige’t gagawin ko ’yan. [Patuloy na hinihiging ni Kapatid na Branham ang, *We’re Marching To Zion.*]

227 Sa aming pagmartsa, Panginoon, batid namin na ang hinampas na Bato’y narito lamang kasa-kasama namin, ang palagi-ang-Presensya ng Tubig mula sa Bato ay sumasama mismo sa Iglesya. Oh Walang Hanggang Diyos, padaluyin Mo sa amin, sa umagang ito, ang pananampalataya sa Diyos na ito na sumasa amin. Batid ko po na Iyong gagawin, kung papaano nga na makasusumpung kami ng kaluguran sa Iyo, sa sukat na Iyong maipagkakatiwala Ito sa amin. Kung ipagkakaloob Mo po kasi Ito nang sobra-sobra, baka mamali kami sa paggamit Nito, Panginoon. Pero kung kami po’y makasumpung ng biyaya sa Iyo, Iyo pong ipangyari ito.

228 Sinabi ng aming kapatid na may nakabangga ng kotse niya. Oh Diyos, alam namin na ang aming kapatid ay walang pera para ipagawa ang bagay na ito. Dalangin ko na Iyong dalhin ang tao na maantig, o kung ano, na siya’y magsisisi sa kanyang nagawa na ito, na lalapit, magsasabi, “Kapatid, kukumpunihin ko ang kotse mo, ako ang nakabangga.” Iyo pong tulongan si Kapatid na Ben at ang kanyang mga mahal sa buhay.

229 Heto po sa aking kamay ang mga panyo at mga kahilingan, na may pananampalataya sa Diyos na iyon. Si Moises ay may pananampalataya sa Diyos na iyon, at tumawid siya sa dagat. May pananampalataya si Daniel sa Diyos na iyon, at siya inilabas mula sa lungga ng mga leon. Sina Shadrac, Meshac, at Abednego, ay may pananampalataya sa Kanya, at sinupil ang apoy.

230 Si Pablo ay may pananampalataya sa Kanya, at isang araw noong ang mga gawain ay napaka hirap at si Pablo ay di makalapit sa kung sinuman, kumuha lang siya ng panyo, sabi niya, “Nananampalataya ako na ang Diyos ay sumasa akin.” Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa mga panyo at mga tela, at ’yung masasamang espiritu’y lumabas sa mga tao, at nilisan sila ng mga sakit at karamdaman. Diyos, ako’y may pananampalataya sa siya ring Diyos. Nawa ang kasamaan ay

lumayas. Mga sakit, mga karamdaman, at mga pagdadalamhati, nawa'y lumisan, Panginoon.

<sup>231</sup> Ikaw po ang siya ring Diyos na nangusap sa akin doon sa may Haliging Apoy, doon sa may ilog. Ikaw Yaon na ang Iyong litrato ay nakasabit dito sa dingding, na haya't kasama ako sa litrato. Ikaw po'y sumasa amin, Panginoon. Ikaw po'y palagiang-nariyan, ang siya ring Haliging Apoy. At tinatamasa namin ang Tubig mula sa Bato araw-araw, habang kami'y naglalakip sa Espiritu. Mangyari nga, na narito Ka. May pagtitiwala kami sa Iyo, Panginoon. Kami'y may pananampalataya sa Iyo. Nananampalataya kami na Iyong papahiran kami at tutulongan kami. Hindi para sa sarili naming kaluwalhatian, Panginoon; magiging katulad kami ni Moises kung ganoon, noong magawa niya ang pagkakamaling 'yun. Ang nais naming gawin ay bagay na lilingap sa Iyo, Panginoon. Yan ang intensyon ng aming puso, ang malingap Ka, kung magagawa po namin. Iyo lamang ipakita sa amin, Ama, anuman ang nais Mo na gawin namin.

<sup>232</sup> At ngayon, sa pagkilos ng pananampalataya, aking kinokondena ang karamdaman na nirerepresenta ng mga panyong ito, at ng mga kahilingan na ito. Lumisan nawa ang mga ito sa mga tao. Batid ko po na Iyong gagawin, Panginoon. Sinasampalayanan ko ito, sa puso ko, na Iyong gagawin ito. Iyo pong pagalingin ang lahat ng karamdaman na nasa kalagitnaan namin sa umagang ito.

<sup>233</sup> Iyo pong ilitas sila na nagtaas ng kanilang mga kamay, na nagsabi na nagnanais sila na makadulog sa Bato, para sa Tubig. Diyos, nawa'y mauhaw sila nang husto sa araw na ito, nawa'y magkaroon sila ng maalat na buhay sa paligid nila, hanggang sa magdulot 'yun ng kauhawan para kay Cristo. Iyo pong ipagkaloob.

<sup>234</sup> Ikaw po'y sumaaamin ngayong gabi, Ama. Oh Diyos, nawa'y maalaman ko, sa pamamagitan ng mga kahilingan na ito, kung ano ang nasa puso ng mga tao. Kung wala pong laman ang kanilang puso, kung ganoon, Panginoon, Ikaw po'y magkaloob sa akin ng maipapangaral sa kanilang puso sa gabing ito.

<sup>235</sup> Iyo pong pagpalain si Kapatid na Neville, at ang kanyang maybahay, ang kanyang pamilya; ang aming munti pong iglesya, ang aming mga katiwala, ang aming mga diyakono, ang aming mga miyembro. At ang Iyong Katawan sa lahat ng dako, mapasa amin Ka po, Ama. Itinatagubilin namin ito sa Iyong mga kamay, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

... Zion;  
We're marching upward to Zion,  
The beautiful City of God.

Ngayon sige't awitin natin ito, nang totoong, totoo sa Kanya ngayon. Kita n'yo?

Come, we that love the Lord,  
And let our joys be known,  
Join in the song of sweet accord,  
Join in the song of sweet accord,  
And thus surround the Throne,  
And thus surround the Throne.

Habang nakayuko ang ating mga puso ngayon.

We're marching to Zion,  
Beautiful, beautiful Zion;  
We're marching to Zion,  
The beautiful City of God.



*ANG PALAGIANG-NARIYAN NA TUBIG MULA SA BATO* TAG61-0723M  
(The Ever-Present Water From The Rock)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 23, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)